

# Hurrah for America!\*

*Kalitativo at Kantitativo Panunuri ng mga Ugnayang Igorot-Amerikano sa Barbara's Philippine Journey (1913)*

Emmanuel Jayson V. Bolata

UNIBERSIDAD NG PILIPINAS - DILIMAN

## Abstrak

Isinasalaysay ng *Barbara's Philippine Journey* (1913) nina Frances Williston Burks (may-akda) at Hermann Heyer, Earl Horter; at G.W. Peters (mga tagaguhit) ang paglalakbay ni Barbara, isang batang taga-New York, kasama ang kaniyang mga magulang at kaibigan, sa iba't ibang lugar sa Kapuluang Pilipinas (*Philippine Islands*) sa ilalim ng pamamahaling Amerikano. Mahihinuhanang mahalagang lunan dito ang Benguet, na naitampok sa walo sa 22 kabuuang bilang ng kabanata. Sa berbal-biswal na panunuri ng banghay at mga tauhan gamit ang kalitativo pamamaraan, at ng mga elementong leksikal, kadalasan ng paglitaw, at kolokasyon ng mga ito gamit ang kantitativo pamamaraan (sa lilim ng tinaguriang "Digital Humanities"), maiipapakita ang taglay na mga pampolitika, pangkalinangan, at ideyolohikal na kaisipan sa isang kolonyal na akdang pambata.

*Author Frances Williston Burks and illustrators Hermann Heyer, Earl Horter, and G.W. Peters' Barbara's Philippine Journey (1913) narrates the journeys of Barbara, a child from New York, along with her parents and friends around various places in the Philippine Islands during US colonial rule. One can infer the importance of Benguet as setting, which features heavily in eight out of 22 chapters. Using a combination of the qualitative methods of verbal-visual analysis of the plot and characters, and quantitative methods such as lexical elements, frequency of use, and collocation (under the "Digital Humanities"), the political, cultural and ideological ideas contained in colonial children's text can be brought into the fore and analyzed.*

**Mga Panandang Salita:** *Barbara's Philippine Journey*, Igorot, AntConc, kolonyal na akdang pambata

---

\* Naibahagi ang unang bersyon ng papel na ito bilang "Introducing *Barbara's Philippine Journey* (1913) and its Stories of Igorot-American Relations," sa 2nd International Conference on Cordillera Studies, *Indigenous Studies in the Philippines: Issues and Prospects*, sa CAP-John Hay Trade and Cultural Center, Baguio City noong 12-14 Hulyo 2017."

Nailuwal noong 1913 ang *story book* na *Barbara's Philippine Journey* (tatawagin mula rito bilang *BPJ*) sa pagtutulungan nina Frances Williston Burks (may-akda), Hermann Heyer, Earl Horter, at G. W. Peters (mga tagaguhit). Bilang isang kolonyal na akdang pambata, masisipat mula rito ang mga kaisipan ng rasismo at kolonyalismo, pagsasasibilisadong misyon, modernisasyong kolonyal, eksotisismo, relatibismong pangkultura, patriotismo, at *la leyenda negra* (itim na alamat/ *black legend*). Sa pag-aaral na ito, titingnan ang ugnayang Igorot at Amerikano gamit ang kalitatibo at kantitatibong pag-aaral at panunuri. Una, ilalagat ang ilang mahahalagang kaisipan hinggil sa metodong gagamitin. Susundan ito ng kontekstuwalisasyon ng akda at ang paglalahad ng kahalagahan ng mga bahagi ng kuwento na nakapook sa Benguet. Matapos nito, tatalakayin ang iba't ibang politikal at ideyolohikal na aspekto ng mga naturang kuwento at iugnay ito sa nagaganap na diskursong politikal at ideyolohikal sa panahong iyon. Pahapyaw ding titingnan ang usaping pangkasarian. Panghuli, ilalahad ang mga ambag ng pag-aaral na ito sa nararapat at napapanahong pagbasa ng mga kolonyal na akdang pambata. Maituturing din ang pag-aaral na ito bilang pagsasanay sa paggamit ng kantitatibong panunuri ng teksto, na siyang pumapasok sa malawak (at lumalawak) na larangan ng *Digital Humanities*.

## Pinagsibulan ng Aklat

Masasabing hindi ganoon kaprominente ang pangalang Frances Williston Burks. Maging ang kaniyang akda hinggil kay Barbara ay walang inilaang espasyo para ipakilala ang manlilikha nito. Makikilala lamang natin siya sa kaniyang mga kaugnay na publikasyong pang-akademiko. Katuwang ni Jesse D. Burks, isinulat niya ang *Health and the School: A Round Table* (1913) ng D. Appleton and Company. Maliban sa kaapelyidong kamanunulat, na siyang Direktor naman ng Bureau of Municipal Research sa Philadelphia, iisa rin ang sumulat ng panimula rito at sa *BPJ*, si Prof. Frank M. McMurry ng Teachers College, Columbia University.<sup>1</sup> Matapos ang dalawampu't limang taon, isa

---

1 Burks & Burks, vii-viii.

na namang publikasyon ni Burks ang lilitaw, sa *The Journal of Social Psychology, Some Factors related to Social Success in College*. Nagsisilbi ang pananaliksik na ito noong 1938 (inilathala, ngunit tinanggap na sa Editorial Office noong pang 1 September 1937) bilang ebidensya ng pagpasok ni Burks sa Department of Psychology ng Stanford University.<sup>2</sup> Sa kabuuan, nakatuon ang larangan ni Burks sa mga pag-aaral sa edukasyon sa iba't ibang antas at tema. Tinahi niya ang heograpiya at etnograpiya para sa mga grade schoolers, teorya at praktika sa kalusugan para sa mga guro, at mga salik ng personalidad upang malaman ang mga modang pang-ugaling umaambag sa panlipunang tagumpay para sa mga estudyante sa kolehiyo.

Hinggil sa kumpanyang naglathala at nagpamahagi ng *BPJ*, itinayo ni Caspar W. Hodgson ang The World Book Company: The House of Applied Knowledge noong 1905.<sup>3</sup> Matatagpuan ito sa 2126 Prairie Avenue, Chicago, Yonkers-on-Hudson, New York. Bilang isa sa mga tagapaglathala na masigabong nakikilahok sa merkado ng mga aklat sa Estados Unidos (sa Atlanta at Dallas) at sa Kapuluang Pilipinas (sa Maynila), kalaunang inihatid sa mga mambabasa ng World Book Company ang *BPJ* noong 1913. Dalawang kopya nito ang natanggap ng Filipiniana Division, Philippine Library, noo'y nasa ilalim ng Department of Public Instruction, noong Marso 1915.<sup>4</sup> Taglay ng buleting naglalaman ng naturang impormasyon ang mas mahabang listahan ng mga publikasyong Filipiniana kaysa sa ibang nailabas na buletin; nasusulat ang mga akda sa Ingles, Espanyol, Tagalog, at kahit Iloko at Cebuano. Wala pang datos hinggil sa kung kailan naitayo ang branch nito sa Maynila.<sup>5</sup> Sa pagkonsulta sa iba pang bersyon ng *BPJ*, konsistenteng nakasulat na 1913 ang orihinal na publikasyon; gayumpaman, nag-iiba-iba ito sa pahinang pamagat.

---

2 Burks, *Some Factors*, 125. Sa isang talababa, ipinahayag niya ang kaniyang pasasalamat sa kaniyang mga guro, sina Propesor Paul R. Farnsworth at Propesor Ernest R. Hilgard.

3 Osias, ii.

4 *Bulletin of Philippine Library* III.7 (March 1915), 75. Sa panahong ito, pinamumunuan ni James A. Robertson, ang Philippine Library Board Secretary at Librarian, ang Philippine Library. Dahil nakaliban, nagsilbing Acting Librarian si Manuel Artigas y Cuerva, ang Chief ng Filipiniana Division.

5 Sa mga pahinang pamagat ng kanilang mga aklat, tinutukoy ng World Book Company ang mga *branch* na naglalathala at namamahagi ng mga aklat. Sa mga muling-paglalathala ng *BPJ* noong 1914 at 1921, nakalagay ang "Manila" bilang isang *branch* ng pamuhatang Yonkers-on-Hudson.

Sa gayon, malalamang ang mga edisyong 1914 at 1921 ay mga muling paglalathala. Sa aklat na *The Philippines, to the End of the Commission Government: A Study in Tropical Democracy* (1917), isinama ni Charles Burke Elliott ang *BPJ* sa apendiks na *A List of Books and Articles on the Philippines, Colonization and Colonial Problems*, kung saan naman malalamang nailathala raw ito sa “Manila, 1913”.<sup>6</sup> Sumunod dito ang mga patalastas sa mga pampublikong lathalain, tulad ng paglalagay nito sa “elementary school library lists” ng patalastas ng World Book Company sa edisyong Setyembre 1926 ng *Philippine Education Magazine*.<sup>7</sup>

## Lakbay-Salaysay bilang Henero ng Kolonyal na Panitikang Pambata

Bahagya munang pipihit ang pag-aaral sa pahapyaw na pagsasakonteksto ng mga anyo at henero (genre) ng panitikang pambata sa panahong ito bago tukuyin ang anyo sa lenteng kalitatibo-kantitatibo. Bilang tagarebyu ng aklat, inuugnay ni Prof. Frank McMurry ang *BPJ* sa mga akda ng Amerikanong manunulat na si Jane Andrews (1833-1887). Ipinaalam nito, kung gayon, ang uri ng henero ng panitikang pambata na tinatalakay noon sa konteksto ng panitikang Kanluranin at Ingles (wika). Itinuturo nito ang mga paghuhulma at paglaganap ng mga kuwentong makakatulong sa pagtuturo ng heograpiya sa pang-elementaryang kurikulum. Kalaunan, kikilalanin ito bilang mga pinipiling materyal o pantulong sa instruksyon noong kalagitnaan hanggang huling bahagi ng dantaon 19 sa kaligirang Amerikano. Pinunto ang mga merito ng mga nabanggit na akda ni Andrews, *The Seven Little Sisters* (1861) at ang kasunod nito, *Each and All* (1878): 1) binibigyang-diin ng mga ito ang ugnayang tao-daigdig, kung kaya’t matatawag itong “biographical studies of geography,” at 2) nasa anyo sila ng kuwento, na may estilong

---

6 Elliott, 461. Sa pahinang pamagat ng *The Philippines* sinabing si Charles Burke Elliott, Ph.D., LL.D., ay isang dating kasapi ng United States Philippine Commission, Secretary ng Commerce at Police sa Pamahalaan ng Pilipinas, Associate Justice sa Supreme Court ng Pilipinas, at Associate Justice sa Supreme Court ng Minnesota.

7 *Philippine Education Magazine* XXIII.4 (September 1926).

naglalagay sa kanila sa antas ng panitikan.<sup>8</sup> Makikita rito ang layunin at anyo ng mga kuwento, kabilang ang *BPJ* (1913), na ang papel ay “ibigay ang pangkabuuang tagpuan ng mas detalyadong katunayang heograpikal na susunod kalaunan” para sa mga Amerikanong bata mula walo hanggang labing-isang taong gulang.<sup>9</sup> Lumilihis ang *BPJ* mula sa “kontra-kulturang” *dime novels* sa America na tinataasan ng kilay ng mga magulang at guro. Ang mga nobelang ito na “naglalayong bigyang-lugod ang mga batang lalaki kaysa sa kanilang mga magulang,” ay nagsasalaysay ng mga pakikipagsapalaran ng mga Amerikanong binatilyo sa mga malalayong lupain.<sup>10</sup> Tulad ng pinupunto ni Morton J. Netzorg, “Ang paksa ng mga interaksyong Pilipino-Amerikano, parehong panlipunan at intelektwal, kung saan, na halos sa kabuuan, sa mga hindi-pinagpalang aklat na hinulma upang basahin para masiyahan dito’y natuto ang mga Amerikanong kabataang nananatili-sa-tahanan ng kung anong kakaunting matututunan nila hinggil sa mga Pilipino.”<sup>11</sup> Ayon sa paghahambing ni McMurry, taglay ng *BPJ* ang “ibang larangan nang may higit na ibang adhikain.”<sup>12</sup> Sa lente ng heograpiya, nagtatampok ang mga aklat ni Andrews ng mga batang babae mula sa pitong iba’t ibang bahagi ng daigdig, na tinatawag niyang “round ball that floats in the air.” Ipinunto naman ni Burks sa simula na pagtutuunan ng kanyang naratibo ang iba’t ibang bahagi ng Pilipinas, nang may pahapyaw na pagtatampok na rin sa mga pook sa Pasipiko at Silangang Asya, tulad ng Hawaii, Honolulu, Hapon, at Tsina.

Sa Pilipinas, may mas malawak na audience ang *BPJ* (kung titingnan ang potensyalidad nito), sapagkat sinasakop nito ang Grade I hanggang VII sang-ayon sa patalastas sa mga lathalain.<sup>13</sup> Gayundin, nakahanay din ito sa mga “Geographical readers” (seryeng Children of the World), katuwang

---

8 Burks, *Barbara’s Philippine Journey*, 4.

9 *Ibid.* “[T]o give the general setting of the more detailed geographical facts soon to follow.”

10 Netzorg, 34-35.

11 *Ibid.* “[T]he subject of Philippine-American interactions, both social and intellectual, in that it is almost entirely in unblest books designed to be read for fun that young stay-at-home Americans learned what little they could about the Filipinos.”

12 Burks, *Barbara’s Philippine Journey*, 4. “It covers different ground with a very different plan.”

13 *Philippine Education Magazine* XXIII.4 (September 1926).

ang mga akda tulad ng *Paz and Pablo: A Story of Two Little Filipinos* (1917), isinulat ni Addie F. Mitchell at iginuhit ni Elias Goldberg. Mula sa mga pag-eendor-song ito, mahihinuhang nakahanay ang *BPJ* bilang isa sa mga kasangkapan na nagsusulong ng kolonyal na edukasyon ng mga Amerikano. May pagtukoy din naman ni Burks kung sino ang kaniyang pinatutungkulang mambabasa (o tagapakinig). Nasa pahina ng dedikasyon, na sulat ni Barbara, na nakatuon ang akda sa mga Amerikanong bata, ang “*boys and girls at home*”.<sup>14</sup> Gayumpaman, bilang pagtingin sa potensyalidad nito at sa pagiging malawig ng panitikang pambata sa usapin ng tagapagbasa, masasabi ring kasama na rin ang mga Pilipinong bata (at matanda), nang makarating na ito sa Pilipinas.

## **Digital Humanities sa mga Piling Panunuring Pampanitikan**

Bago tumungo sa paglalahad ng anyo at nilalaman ng susuriing *BPJ*, mainam na bigyang-espasyo muna ang paglalahad ng metodolohiyang ginamit sa pagbasa. Masasabing sinusubok ng pag-aaral na ito na pagtagpuin ang kalitatibo at kantitatibong pamamaraan ng pagbasa at panunuri ng teksto, na siyang katangian at tunguhin ng *Digital Humanities*. Bagama’t kinikilala ang malawak na saklaw ng pakahulugan sa *Digital Humanities*, isang payak na pagpapakahulugan nito ang mababasa mula kina Burdick, Drucker, at iba pa: “Ang *Digital Humanities* ay supling ng pagtatagpo ng tradisyonal na humanidades at mga metodong kompyutasyonal.”<sup>15</sup> Nagsimula sa paggamit ng mga network at kompyutasyon sa humanidades noong 1940 at mga pansinupang proyekto sa Oxford noong 1970, lumawig sa una nitong bugso ang *Digital Humanities* mula sa huling bahagi ng dekada 1980 hanggang sa ika-21 dantaon sa pamamagitan ng mga proyekto tulad ng panunuring tekstual, pagkakatalogo, pagdi-digitize ng mga materyales, paggawa ng mga pedagogikal na pantulong, at mga tanong sa pananaliksik na sumusuri ng nakabalangkas na datos.<sup>16</sup> Marami-rami na rin ang mga proyekto ng

---

14 Burks, *Barbara’s Philippine Journey*, 6.

15 Burdick, et. al., 3.

16 Burdick, et. al., 9.

panunuring pampanitikan ng/sa Pilipinas na nasa lilim ng *Digital Humanities*. Isa sa mga masigasig na practitioner ng metodo at lapit na ito ay si Ramon Guillermo, at ang kaniyang mga akda ang ilan sa pinag-uugatan ng pag-aaral na ito.

Bago pa man kay Guillermo, maituturing na isang proto-digital humanities na proyekto ang isinagawa ni Benedict R. O’G Anderson sa kaniyang *Why Counting Counts* (2008), kung saan isinagawa ang mano-manong pagbibilang ng mga salita sa mga nobelang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* bilang pagsulyap sa mga anyo ng kamalayan at suliraning pangwika.<sup>17</sup> Sinundan naman ito ng *Translation and Revolution* (2009) ni Ramon Guillermo, ang kinikilalang unang kumprehensibong pag-aaral sa *Guillermo Tell* (1886), ang salin ni José Rizal sa *Wilhelm Tell* (1804) ni Friedrich Schiller.<sup>18</sup> Hindi tulad ng manwal na pagbibilang ni Anderson, kinasangkapan rito ni Guillermo ang “computer-aided analysis” upang mapalitaw ang mga isyu at usapin sa pagsasalin ng mga konseptong Aleman patungong Tagalog. Sa kasalukuyan, mangilan-ngilan na rin ang artikulo at aklat ni Guillermo (minsa’y katuwang ang ilang iskolar) na maituturing na nasa kategorya ng *Digital Humanities*.<sup>19</sup> Mababasa rin mula kay Resil Mojares ang kaniyang paghihikayat sa paglirip sa larangan ng *Digital Humanities*, batay sa naiambag ng Marxistang iskolar na si Franco Moretti.<sup>20</sup>

---

17 Tingnan ang Anderson, Benedict R. O’G. *Why Counting Counts: A Study of Forms of Consciousness and Problems of Language in Noli me tangere and El filibusterismo*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2008.

18 Tingnan ang Guillermo, Ramon. *Translation and Revolution: A Study of Jose Rizal’s Guillermo Tell*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2009.

19 Tingnan ang Guillermo, Ramon. “Themes of Invention, help, and Will: Joachim Campe’s *Robinson der Jüngere* in Tagalog and Bahasa Melayu Translations.” *Southeast Asian Studies* 3.1 (April 2014): 3-47; Guillermo, Ramon. “Citing a Southeast Asian Classic: Citation Analysis of Vicente Rafael’s *Contracting Colonialism*.” *Philippine Studies* 61.4 (2013): 507-520; Guillermo, Ramon. “Translation as Argument: The Nontranslation of *Loob* in Iloeto’s *Pasyon and Revolution*.” *Philippine Studies* 62.1 (2014): 3-28; Guillermo, Ramon, Rhandley D. Cajote, at Aristeo Logronio. “UP Diksiyunaryong Filipino: Sinonismong Walang Hangganan.” *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* 2 (2015): 54-71; Guillermo, Ramon, Myfel Joseph D. Paluga, Maricor Soriano, at Vernon R. Totanes. *3 Baybayin Studies*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2017.

20 Mojares, 97-112. Pinamagatan ang kabanatang ito bilang “An Immodest Proposal for Literary Studies.”

Kay Franco Moretti magmumula ang tinatawag na “distant reading,” bilang panunuligsa sa “close reading” ng mga formalista at postmodernistang lapit.<sup>21</sup> Ipinupunto nito na posible ang panunuri ng libo-libong mga akda gamit ang computer-aided analysis na maaaring magdulot sa atin ng mga sariwang muni, hinuha, at problematisasyon sa estado at daloy ng mga rehiyonal, pambansa, pang-erya, o kahit pandaigdigang panitikan. Isang pagsasapraktika rito ay ang panunuri niya sa mga pamagat ng pitong libong nobelang Briton (1740-1850), kung saan makikita ang korelasyon ng mga pamagat ng nobela sa paglawig ng sistemang pampanitikan at kompetisyong pangmerkado.<sup>22</sup> Gayumpaman, ipupunto ni Guillermo na upang maisakatuparan ito, kinakailangan ng dambuhalang korpus ng digitized (at naiproseso na ring) teksto, na siyang hindi pa masisilayan sa Pilipinas. Sa kaniyang *The Pulse of the Text* (2017), iminungkahi niya ang “close(r) reading” o mas malapitan/masinsinang pagbasa sa halip na malayuang pagbasa (distant reading).<sup>23</sup> Sa *closer reading*, pinagsasama ang masinsinang pagbasa (nakatuon lamang sa isa o higit pang teksto, kung saan hinihimay-himay ang anyo at nilalaman nito sa paraang kalitatibo) at ang mas mikroskopikong pagbasa gamit ang mga computer program (ilan dito ay ang pagtukoy sa kadalasan o “frequency” ng mga salitang ginamit sa teksto, ang kolokasyon ng mga salita, ang kahigpitan ng pagkakaugnay (kolokasyon) ng mga salita, ang leksikal na kompleksidad, at iba pa). Sa mga pag-aaral ni Guillermo, kinakasangkapan niya ang Icon at Python/ Anaconda Programming Language. Kinakailangan dito ng kaalaman sa mga computer program at lengguwaheng pangkompyuter, kaalaman sa kodipikasyon ng mga command, masinsinan at kritikal na preparasyon ng datos (sapagkat maaaring hindi gumana ang programa o hindi wasto ang lalabas na resulta kung hindi maingat ang paghahanda ng datos), at iba pa. Dulot ng limitasyon ng mananaliksik (na ipinapaumanhin ang hindi pa gaanong pagkalubog sa kaalaman sa agham pangkompyuter) at

---

21 Mojares, 106-107.

22 Moretti, 136, 139, 141.

23 Guillermo, *Pulse*, 1.



saklaw ng pag-aaral na ito, gagamitin dito ang mas maaakses at mas madaling imaniobrang programang *AntConc*.<sup>24</sup>

Ang *AntConc* ay nilikha ni Laurence Anthony ng Waseda University, Tokyo, noong 2014, at mada-download sa kaniyang website ([www.laurenceanthony.net/software/antconc/](http://www.laurenceanthony.net/software/antconc/)).<sup>25</sup> Ito ay isang freeware, multiplatform na kasangkapan upang magsagawa ng mga pananaliksik sa corpus linguistics at pagkatutong bunsod ng datos.<sup>26</sup> Taglay nito ang pitong kasangkapan/ tools o features: Concordance, Concordance Plot, File View, Clusters/ N-Grams, Collocates, Word List, at Keyword List.<sup>27</sup> Ang maganda at madali rito, lalo na para sa mga nagsisimula pa lamang, ay hindi na kinakailangan ng higit na metikulosong paghahanda at pagsasanay sa agham pangkompyuter. Sapat na ang maaayos na paghahanda ng datos at pangunahing kaalaman sa features nito upang maiproseso ang pag-aaralang teksto. Sa panunuring ito, ginamit ang magkakasamang features, na hindi rin maikakailang magkakaugnay at nagsasapaw sa isa't isa.

## Konsiderasyon sa Preparasyon at mga Detalyeng Leksikal

Para sa *Barbara's Philippine Journey*, idownload ang kopya nito sa Text format (.txt) mula sa Internet Archive (<https://archive.org>), isang malawig na “digital library” o database ng mga batis materyal mula sa iba't ibang sityo at sinupang online, na may bilyon-bilyong koleksyon ng web pages, dokumento, aklat, audio recording, video, imahen, software program, at iba pa.<sup>28</sup> Sunod

---

24 Anthony, *AntConc*.

25 Makikitang ang pinakaunang bersyon ng *AntConc* (*AntConc* 1.0.0) ay huling binago noong 22 Disyembre 2014, samantalang ang pinakahuling bersyon naman ay ang *AntConc* 3.5.2, na huling binago nitong 8 Pebrero 2018 (tingnan sa <http://www.laurenceanthony.net/software/antconc/releases/>).

26 Anthony, *AntConc Help file*, 1.

27 *Ibid.*, 2.

28 “About the Internet Archive.” Sa layuning maglaan ng pandaigdigang akses sa lahat ng kaalaman, sinimulan ng Internet Archive ang pagsisinop sa Internet noong 1996 hanggang sa mapalawig ito sa pamamagitan ng mga ugnayan sa iba't ibang sityo at sinupan sa Internet. Sa kasalukuyan, mayroon itong 279B web pages, 11M aklat at teksto, 4M audio recordings (kabilang ang 160, 000 live concerts), 3M videos (kabilang ang 1M

na lilingin ang dokumento ng *BPJ*. Anuman ang nasa bawat pahina ng aklat na nababasa ng optical character recognition (OCR) feature ng scanner ay lilitaw sa text file. Kinonsidera sa paglilingin na ito ang pagtatanggal ng parateksto (pahinang pamagat, pahina ng dedikasyon, panimula, mga patalastas, at iba pa), kapsyon ng mga ilustrasyon, bilang ng pahina, at anumang nasa header o footer. Tanging itinira lamang ang nilalamang nagsasaad ng kuwento at ang kabanata-bilang-pamagat nito (hal. *CHAPTER 1 AWAY WE GO*). Pinanatili rin ang mga bantas at kapitalisasyon ng mga salita at pangungusap, bagama't ang mga elementong leksikal o salita na ipinapakita sa ilang features ng AntConc ay nasa lower-case.

Tokenisasyon ang tawag sa malawak na kalipunan ng mga payak na istatistikal na pagsusukat na kinakasangkapan sa panunuri ng mga teksto gamit ang mga metodong pangkompyuter.<sup>29</sup> Isang estratehiya ng tokenisasyon ay ang type-token ratio na makikita sa pagsusukat na tinatawag na “leksikal na kompleksidad”. Ang leksikal na kompleksidad (lexical complexity, tinatawag ding lexical richness<sup>30</sup> sa ibang pag-aaral) ng isang teksto ay maaaring masukat sa pamamagitan ng paghahati (division) ng bilang ng tipo ng mga salita (word types) sa kabuuang bilang ng mga salita (word tokens).<sup>31</sup> Mayroong 0.09 na leksikal na kompleksidad ang *BPJ*, na tinatayang may 3, 210 na word types at 32, 802 word tokens ( $0.09 = 3210 / 32802$ ). Marami pa ang maaaring mahinuha hinggil dito para sa mga susunod na pag-aaral. Isang mungkahi ang pagtukoy ng antas ng mataas at mababang kasalimuotang leksikal na partikular sa wika ng teksto. Halimbawa, sa pagtukoy nina Guillermo, Paluga, at Totanes sa kasalimuotang leksikal ng *Doctrina Christiana*, mataas ang antas nito para sa wikang Tagalog (0.21).<sup>32</sup> Maikukumpara ito sa apat na nobelang Tagalog ni Lazaro Francisco na sinuri ni Guillermo, kung saan naglalaro lamang mula 0.13 hanggang 0.10 ang leksikal na kompleksidad.<sup>33</sup>

---

balitang programang pantelebisyon), 1M larawan, at 100,000 software programs.

29 Hussein, 98.

30 *Ibid.*, 98-99.

31 Guillermo, *Panunuring Leksikal*, 72-74; Hussein, 98-99.

32 Guillermo et. al., 19.

33 Guillermo, *Panunuring Leksikal*, 74.

Sa Ingles, masasabing mas mataas ang kasalimuotang leksikal ng *BPJ* kung ikukumpara, halimbawa, sa *This Earth of Mankind* ni Pramoedya Ananta Toer (salin mula sa Bahasa Indonesia ni Max Lane) na may 0.06.<sup>34</sup>

Gamit ang word list feature, malalaman ang lahat ng word types sa teksto at ang bilang ng paglitaw nito. Ang unang tatlo ay artikulo, pangatnig, at pang-ukol: “the” (2002), “and” (1161), at “to” (891). Pinakamadalas na pangngalan ang “father” (207), na sinundan ng “mother” (183), “betty” (118), “children” (84), “tommy” (82), “water” (74), at “governor” (70). Matatasa rin ang pagiging kumbersasyonal (tagapagsalaysay- mambabasa) ng akda gamit ang AntConc. Lumilitaw na ang salitang “i” (ako) bilang pang-apat sa pinakamadalas ang paglitaw sa teksto (639), samantalang panlabingtatlo naman ang “you” (ikaw) sa bilang na 296. Gayumpaman, ang paggamit ng “you” ay hindi kadalasang tumutukoy sa mambabasa; kung minsan, tumutukoy ito sa kausap ni Barbara.

## Ang Kahalagahan ng Benguet

Matapos obserbahan ang mga tema ng mga Amerikanong akdang pambatang nagtatampok sa Pilipinas noong 1872 hanggang 1902, ipinunto ni Netzorg na “ang piksyonal na Luzon ay mayroong kakaunti lamang na katutubong nananahanan. Mayroon lamang mga Tagalog, mestizo, at Igorot.”<sup>35</sup> Mababasa rito ang paunang pang-etnikong pagsasakategorya sa popular na akdang pambata, na mababasa kalaunan sa Pilipinas. Gayundin ang ideya ng pamimili, pagtutuo, at isteryotipo ng mga tao habang dinadamitan sila sa mga kuwento ng mga naglalarawang salita. Sa *BPJ*, makikita naman ang kahalagahan at pagiging prominente ng mga kuwentong Igorot. Bilang isang piksyonal na tala ng paglalakbay, tinatangka ng akda na isakongkreto ang mga karanasan ng mga protagonista (na maaaring hinalaw niya mula sa nasaliksik na mga

---

34 Guillermo, *Pulse*, 12, Tal. 1.

35 Netzorg, 92. “[T]he fictional Luzon has only a few kinds of indigenous inhabitants. There are only Tagalogs, mestizos, and Igorots.”

tunay na pangyayari)<sup>36</sup>, habang binibisita nila ng iba't ibang pook, nang may pakikihalubilo sa mga tao na may iba't ibang kalinangan at pagkakakilanlan.

| Bilang ng Kabanata | Tagpuan                 |
|--------------------|-------------------------|
| 8                  | Benguet                 |
| 7                  | Manila                  |
| 3                  | Laguna                  |
| 3                  | Batangas                |
| 2                  | San Francisco- Honolulu |
| 1                  | Honolulu-Japan          |
| 1                  | Japan                   |
| 1                  | China                   |
| 1                  | Pasig                   |

Tal. 1. Bilang ng kabanata sa bawat tagpuan (lokasyon)<sup>37</sup>

Sumasaklaw ng walong kabanata sa dalawampu't dalawa ang mga bahaging naganap sa Benguet, isang bilang na humigit kaysa sa Maynila (Tal. 1). Bilang isang tala ng paglalakbay na may layuning ipakita ang di-pamilyar at di-alam, pinatatatag nito ang kahalagahan ng mga kuwento sa Benguet. Gamit ang modelong “center-periphery” sa pagbasang heograpikal sa aklat, higit pang mapapanindigan ang nararapat na magnipikasyon ng mga naturang tagpo. Ipinapakita ng Fig. 2 ang kategorya ng mga lokasyong itinampok sa *BPJ*: 1) Sentro o tahanan, ang tagpuang Amerikano sa New York na pinagmulan nina Barbara; 2) Bayang peripheral, tulad ng Hapon, Tsina, at Kapuluang Pilipinas, kung saan primaryang nananatili ang manlalakbay, tulad ng Maynila; at 3) Lokasyong periperal sa loob ng mga bayang ito, tulad ng Benguet. Kung ihahambing ang Benguet sa mga lokasyong nasa kaparehong antas nito

36 Sa iprinesentang papel ni Prop. Charita delos Reyes na pinamagatang “Educating Mokimok and Chainus: The Ibalays at the Bua School, 1901-1940,” makikita ang cross-references sa historikal na realidad ng kathang *BPJ*. Tinalakay rito ang ambag ng gurong si Mrs. Kelly (na mababanggit sa *BPJ*) sa mga sinimulang paaralan sa Kordilyera. Tingnan ang daloy ng programa ng *2nd International Conference on Cordillera Studies, Indigenous Studies in the Philippines: Issues and Prospects*, 12-14 Hulyo 2017, CAP John Hay Trade and Cultural Center, Baguio City, Philippines.

37 Kung ang tagpuan sa isang kabanata ay lumipat sa isa pa, pareho silang magtataglay ng isang bilang.

(ikatlo) batay sa bilang ng kinatampukang kabanata, nilampasan nito ang Pasig na hitik sa mga buwaya (1 kabanata), madaluyong na Laguna (3), at Batangas na may namumugad na bulkan (3).




Fig. 1. Modelong “center-periphery” sa mga naratibo ng paglalakbay

Mula sa pagtukoy ng mga lokasyong heograpikal at paglalapat ng modelong “center-periphery,” maaari ring tingnan ang “kadalasan” (frequency) ng mga lokasyong binanggit sa akdang pambata. Maaaring nabanggit ang lokasyon sa isang bahagi na nakapook naman sa ibang lokasyon. Gayumpaman, ang pag-alam sa kadalasan ng salitang tumutukoy sa lokasyon ay nakapagbibigay sa isang purong pisikal at panrabaw na paraan ng isang heneratibong tema at diin sa naturang lokasyong iyon. Ang diing ito sa mga salita habang sila’y lumilitaw sa anumang tagpuan ay kaugnay din ng pagiging signifikante ng isang lokasyon sa kabuuan ng teksto.

Mula sa nailatag nang modelong “center-periphery,” titingnan naman ang kaugnay nitong kadalasan ng mga “salitang-lokasyon”. Sa pagpili ng mga lokasyon sa paghahambing, hinanap ang bilang ng mga salitang-lokasyon (para sa AntConc, lahat ng mga elementong leksikal o piraso ng salita o numero na pinapasok sa software ay tinatawag ding “node,” kung kaya maaari ring tawaging “node” ang sinisipat na “salitang-lokasyon”) na nakapaloob sa ikatlong antas ng modelong “center-periphery” at isinama na rin ang “Manila.” Ipinasok ang mga salitang-lokasyong ito sa software upang matukoy ang bilang ng kanilang paglitaw sa kabuuan ng teksto.




Fig. 2. Kadalasan ng mga salitang-lokasyon na nasa Pilipinas

Hindi magiging kabigla-bigla para sa Maynila, bilang sentro at kumakatawan sa tahanan ng manlalakbay sa isang bansang dinayo, na magkaroon ng mataas na antas ng kadalasan sa paglitaw. Ang katangian nito bilang representatibo ng anumang “Pilipino” ay makikita sa mga collocates ng node na “manila”. Dito pumapasok ang isa pang lapit at penomenong leksikal, ang “kolokasyon”. Ayon kay Guillermo,

Ang “kolokasyon” ay maituturing na isang penomenong pang-ibabaw ng tekstwal na realidad (Hoey 1991). Empirikal ito sapagkat nakabatay sa hubad na fakt ng pag-iral ng teksto o korpus bilang koleksyon ng pinagsama-sama at pinagtabing mga elementong leksikal/ salita na ipinaghihiwalay lamang ng mga espasyo sa pagkakasunod-sunod nila sa teksto. Nagpapakita ang tekstwal na penomeno ng kolokasyon ng mga ugnayang empirikal ng malapitan at sabayang-paglitaw ng mga elementong leksikal.<sup>38</sup>

Tinatawag na collocate ang salitang karugtong bago (sa kaliwa) o pagkatapos (sa kanan) ng isang yunit/ salita/ node. Matutukoy sa sinasabi ni Guillermo na “ugnayang empirikal ng malapitang paglitaw” ang kaso ng kolokasyon sa representatibong “manila”. Ipinupunto ng mga collocate ng “manila” ang pagiging sagisag nito ng sentro ng Pilipinas. Sa mga collocate sa kanan tulad ng makikita sa “manila hemp,” “manila paper,” “manila newspaper,”

38 Guillermo, *Panunuring Leksikal*, 76.

“manila trees,” at “manila roosters,” itinuturing ang Maynila bilang isang simbolikong pang-uring tumutukoy sa produkto o nilalang sa Pilipinas. Hinggil sa Benguet, maliban sa walong kabanatang pinagtatampukan nito, ito rin ang may pinakamataas na antas ng kadalasan bilang salitang-lokasyon, maliban sa Manila. Sa 24 paglitaw ng “benguet,” tatlo rito ang dumurugtong sa “mountains” (“Benguet mountains”), at mula sa sinsin ng kolokasyon, mahihinuha kaagad dito ang diwa ng pakikipagsapalaran, bangis, eksotiko at pagiging di-pamilyar ng peripheral na pook. Pinatatag ng mga ganitong resulta ang kahalagahan at diin sa Benguet, ito man ay sa pagiging tagpuan sa mga kuwento, o sa pagiging pisikal na elementong leksikal.

Interesante ring malaman kung paano naglilimita ang kuwento sa isang tiyak na tagpuang heograpikal sa partikular na mga kabanata lamang. Masasabing mahirap itong makita sa isang panunuring kumbensyonal, at nangangailangan ng mikroskopikong pagsipat ng isang computer program. Ang kinasangkapan para rito ay tinatawag na *concordance plot*, kung saan kinakatawan ng mga bertikal na linya ang bawat “hit” o paglitaw ng isang salita sa buong teksto. Tumatakbo ang bar mula sa kaliwa pakanan, kung saan kinakatawan ng pinakadulo sa kaliwa ang unang salita sa ipinasok na teksto at sa kanang dulo naman ang huling salita ng buong teksto. Sa Fig. 4, mapapansin na ang “manila,” dulot na rin ng estadong “pansentro” at representatibo, ay nakakalat bilang isang salitang-lokasyon sa buong bar. Ang Benguet naman bilang isang node ay may lugar ng konsentrasyon, katulad din ng pangatlo sa listahan ng madadalas na lumitaw, Pagsanhan. Bilang panrabaw na obserbasyon, sinusuhayan pa ang bahaging ito ng konsentrasyon sa concordance plot ng mismong pagtukoy ng kinalalagyan ng mga salitang-lokasyon. Lumitaw ang unang pagbanggit sa “benguet” sa pamagat ng unang kabanata ng mga kuwentong Benguet, “To the *Benguet Mountains*” (VII) at ang huling pagbanggit sa huling pahina ng huling kabanata ng mga kabanata hinggil sa Benguet, “The Governor’s Stories” (XIV), kung saan tinanong ni Barbara ang kaniyang ama kung tunay nga bang ito’y “pagpapaalam (na) sa *Benguet*”.<sup>39</sup>

---

39 Burks, *Barbara’s Philippine Journey*, 50, 115.

Sapagkat lumitaw ang una't huling banggit sa “benguet” sa una't huling pahina ng mga kabanata tungkol sa mga kuwentong Benguet, itinatakda nito ang mga hangganan ng mga kuwentong Benguet. May mahihinuha hinggil sa pagsulat ni Burks mula sa mga pagbabahagi at pagtutuong ito sa mga salitang-lokasyon. Sa isang story book na naglalayon ng pagtuturo ng mga pangunahing aralin sa heograpiya ng mga di-pamilyar na lupain, makikita sa *BPJ* na nagtutuoon ito sa isang partikular na tagpuan sa partikular na mga





Fig. 3. Concordance plot ng tatlong salitang-lokasyong may pinakamadadalas na paglitaw. Pansinin ang pagiging kalat-kalat ng “manila” (M) sa buong halang at ang mga konsentrasyon naman ng mga hits o paglitaw ng “benguet” (B) at “pagsanhan” (P). Gayundin, makikita ang unang paglitaw ng “benguet” sa unang kabanata ng mga kuwento hinggil sa Benguet (pah. 50), at ang huling paglitaw nito sa huling pahina ng mga kabanata hinggil sa Benguet (pah. 115).



kabanata, at kapag nagbago na ng tagpuan, ginagawa nito ang parehong paraan ng pagtutuon at konsentrasyon, na siyang umiiwas sa muling paglitaw ng mga nabanggit nang salitang-lokasyon. Maaari itong basahin bilang estilo at estratehiya ng isang may-akda para sa bata upang iwasan ang mga kaguluhan sa kaniyang mga batang mambabasa; gayundin, upang ilubog sila sa isang set ng mga pagkakakilanlan at natatanging katangian ng mga tiyak na tagpuan upang maging pamilyar sila rito, mapanatili ang attention span, at madaling maalala ang kakabasa o kakapakinig lamang.

Sa loob ng walong kabanata ng kuwentong Benguet, makikilala ang ugnayang Igorot-Amerikano batay sa pagsasalaysay ng mga tauhan. Isinalaysay ito gamit ang mga pagbabalik-tanaw (flashbacks) na ibinahagi ng mga matatanda sa mga

| Kabanata at pahina                        | Tagapagsalaysay | Amerikano   | Igorot                                    | Hamon/Pangyayari/Tagpo   | Pagtutulungan/Tugon  |
|---|-----------------|---|---|--|--|
| <b>VIII: Dangers of Yesterday (57-60)</b> | Ina ni Betty    | Ina ni Betty, Betty, at Tommy                     | Isang “mabuting Igorot”                   | Dulot ng ulan at rumaragasang tubig, hindi madala ng ina ni Betty si Betty sa kabilang bahagi ng sapa dahil ayaw tumawid sa tubig ng sinasakyang mola. | Pinatawid ng mabuting Igorot ang mola sa sapa habang dala-dala ng ina si Betty at bumabalanse sa siya ng mola. Hinabol pa nga ng Igorot ang paying ng ina nang matangay ito ng rumaragasang alon.                                |
| <b>IX: In the Mule-Wagon (68-71)</b>      | Ama ni Betty    | Ama ni Betty at isang kaibigang matabang propesor | Tongai at Kamofi (“polistas” o tagabuhat) | Hindi makatawid ang ama ni Betty, ang kaibigang propesor, at ang mga tagabuhat na Igorot sa sapa.  | Naisip nina Tongai at Kamofi na gumamit ng mabibigat na mga bato habang naglalakad sila sa mga alon at buhat-buhat ang ama ni Betty. Kumuha naman sila ng kalabaw para sa matabang propesor dahil hindi nila ito kayang buhatin. |

|  |  |                 |   |  |  |
|--|--|-----------------|---|--|--|
| <b>X: New Neighbors (75-80)</b>              | Binibining guro at si Barbara (bilang nagmamasid na tagapagsalaysay) | Lady teacher    | “Little brown flock” (20 batang Igorot) | Nakihalubilo sina Barbara, Betty, at Tommy sa mga batang Igorot na tinuturuan ng binibini.   | Natututo ang mga batang Igorot ng pagbati sa Ingles, paglalaba ng kanilang mga damit, at pagbabaybay ng mga salita habang pinapangunahan sila ng binibining guro.  |
| <b>XIV: The Governor’s Stories (105-108)</b> | Governor   | Governor        | Ang mga Igorot at ang kanilang Baknang  | May sakit ang Governor at kinakailangang dumaan sa operasyon. Nag-aalala ang mga Igorot hinggil sa kaniyang kalusugan sa kamay ng mga Amerikanong doktor.                                | Sinubukan ng Baknang na magsakripisyo ng mga hayop para sa ikagagaling ng Governor. Nanatili din siya sa tabi niya upang masigurong bibigyan siya ng mga Amerikanong doktor ng angkop na lunas.                  |
| <b>XIV: The Governor’s Stories (109-112)</b> | Governor   | (Governor) Taft | Mokimok                                 | Nakasalubong ni Mokimok si Governor Taft sa daan, at itinuro kay Mokimok ang pagbati sa mga tao. Inaasahan ni Mrs. Kelly, ang guro, na alam niya ang nararapat na pagbati sa gobernador. | Binati ni Governor Taft si Mokimok at binate rin siya nito gamit ang parehas na pagbati, upang masigurong hindi niya masasaktan ang damdamin ng gobernador. Binati siya ni Mrs. Kelly para sa kaniyang tagumpay. |

Tal. 2. Mga ispesipikong ugnayang Amerikano-Igorot na isinalaysay sa mga pagbabalik-tanaw

bata. Bagama't mayroon ding mga pagtatagpo ng mga bata at mga Igorot, bibigyang-diin muna ang mga naturang pagbabalik-tanaw dahil sa tampok nitong pagtutulungang Amerikano-Igorot sa harap ng mga hamon.

## **Pagsasabilisadong Misyon, Kolonyal na Modernisasyon, at Pamayanang Igorot-Amerikano**

Sa pagbubuod ng mga kuwento sa itaas, malalaman ang mga inilarawang ugnayan ng mga Igorot at Amerikano. Sa isang banda, binibigyang-diin sa unang dalawang sitwasyon, na nagsalaysay ng mga karanasan ng mga magulang ni Betty, ang pamilyaridad sa heograpiya at asal ng hayop, at pagiging mapaglikha at maparaan ng mga Igorot, habang kinakaharap nila ang mga hamong pangkalikasan. Para sa mga Amerikano, nagsisilbi ang eksotiko at banyagang tagpuan bilang makinarya ng mga tunggalian. Dito'y may pagkakataon ang may-akda na kumatha ng mga tunggalian sa pagitan ng tao at kalikasan, o tao sa tao. Sa *BPJ*, pinagbuklod ng tunggaliang tao-kalikasan



How Baby Tommy traveled at Baguio



Wash-day at the Igorot school



"Hello, Governor Taft!"

Fig. 4a. "How Baby Tommy traveled at Baguio" (pah. 59). Pansinin ang palitan ng mga ngiti ng Igorot at Amerikanong bata; 4b. "Wash-day at the Igorot school" (pah. 79); 4c. "Hello, Governor Taft" (pah. 111).

ang dalawang “tao” upang lumikha ng kalutasan sa mga suliranin sa hapag. Ang mga hulagway na ito ng pagtutulungan at kaloobang tumulong sa hanay ng mga Igorot ay bumubuo ng diwa ng pagiging pamayanan, pagkakaibigan, at interdependensiya sa loob ng Benguet, isang tahananang kumikilala sa sabay na pag-iral ng “magkakaibang” tao (Fig. 4a).

Sunod naman ipininta ng mga natirang kuwento ang larawan ng proyektong kolonyal. Sa ilalim ng watawat ng “pagsasasibilisadong misyon” (civilizing mission/mission civilisatrice), gumawa ang mga Amerikano ng mga programa at patakaran na magsasakatu-paran ng kanilang adhikain. Sa Pamahalaang Sibil noong 1901, may pagdidiin sa magkaugnay na larangan ng edukasyon at kalusugan.<sup>40</sup> Sa kuwento, maaaring tingnan ang pagtatayo ng mga paaralan at pagamutan, maging ang mga riles ng tren at kalsada, bilang mga aspekto ng proseso ng kolonyal na modernisasyon na nagpapatatag ng ugnayan sa mga Igorot at Amerikano, sa isang patuloy na nahuhubog at nagbabagong pamayanan.

Sa *BPJ*, prayoridad sa edukasyon para sa karamihan ng mga batang Igorot ang pagtuturo ng kalinisan. Taglay ang tatlong pang-uri bilang layunin ng pagtuturo sa kaniyang isip, ipinahayag ng binibining guro, “‘We must teach them to be clean,’ she said to us with her pleasant smile,— ‘to be clean and honest and kind. Those are the great things I want my children to learn. If they learn those three lessons, they will grow up into good Igorots, and I wish nothing better for them than that.’”<sup>41</sup> Lumilikha ang guhit na *Wash-day at the Igorot school* (Fig. 4b) ng imahen ng pagmamasid at awtoridad mula sa puting guro dulot ng kaniyang taas, tindig, at tanaw, at maging ang makikitang kabaitan sa ngiting gumuhit sa kaniyang mga labi. Nasa ibaba niya ang mga masunuring kayumangging mag-aaral na Igorot, na makikita ang pagpapasailalim sa kanilang pagtingala, posisyon sa mas mababang bahagi (sa ilog), at pagpayag at pagsusumigasig habang nakatungo sila sa kanilang mga dyaket na gawa sa bulak, nilalabhan itong maigi sang-ayon sa tinuran sa kanila. Sa malayong bahagi ng ilog, mayroong ere ng kasiyahan sa pagkatuto habang nakawagayway ang mga kamay at naglalaro ang mga mag-aaral. Ang pagmamasid, pagsasakaraniwan, at pagsusulit na pinupunto

---

40 Costa, 221-222.

41 Burks, *Barbara's Philippine Journey*, 78. Diin ng may-akda.

ni Michel Foucault na mga kasangkapan sa kapangyarihang pandisiplina ay tila napagsasalikop sa iisang ilustrasyong ito.<sup>42</sup> Ibang-iba naman ang halimbawang ito ng imahen mula sa mga iginuhit na kartun noong pagtatapos ng ika-19 na dantaon, kung saan inilalarawan ang mala-amang McKinley na sapilitang pinaliliguan ang pumipiglas na mga hitsurang taga-tribong Pilipinong sanggol, o ipinaliliwanag ang kahalagahan ng paliligo gamit ang sabon sa mga walang-tugong mala-unggoy na Pilipino, Cubano, at taga-Puerto Ricong sanggol.<sup>43</sup>

Ang kuwento hinggil sa karamdaman ng Governor at ang tugon ng kaniyang pamayanang Igorot ay lumikha rin ng pagpihit sa kamalayan tungkol sa kalusugan, na maaaring ituring naman bilang “pagtuturo sa matatanda”. Makikita ang pagpihit na ito sa pagsasalin ng paniniwala at kaalaman sa kalusugan ng mga Igorot mula sa tradisyunal na mentalidad na kinakatawan ng pagsasakripisyo ng mga hayop sa mga masasamang espiritung nagdudulot ng sakit, patungo sa siyentipiko, kung saan dadalhin nila ang may sakit sa isang pagamutang Amerikano upang gumaling. Nagiging epektibo ang ito hindi lamang sa teknolohiyang medikal na kinasangkapan ng mga Amerikanong doktor kundi maging ang mahigpit na ugnayang Igorot-Amerikano, na may aspekto ng pagkamatapat at relasyong pangkapangyarihan. Ang testimonya ng Governor na umalwan mula sa kaniyang operasyon at ang katapatan ng kanilang pinuno, ang Baknang, ay naging makapangyarihang dahilan na nagpaniwala sa kanila sa kainaman ng kolonyal na pangkalusugang pamamaraan at pasilidad. Interesante ang Governor bilang karakter sapagkat lumalapit ito sa historikal na realidad. Sa kaniyang aklat, tinalakay

---

42 Foucault, 170. “The success of disciplinary power derives no doubt from the use of simple instruments: hierarchical observation, normalizing judgement and their combination in a procedure that is specific to it, the examination.” Inilalagay sa posisyon ng kapangyarihan ang puting guro sa literal na nakataas (elevated) na posisyon ng obserbasyon at surveillance, samantalang nakapook ang mga batang Igorot sa posisyon ng pangkalahatang visibilidad. Ang pagsasakaraniwan at pagsusulit ay makikita sa tagpo ng paglalaba ng kanilang damit, at ang pinapahiwatig na pagpapakonsulta ng isang bata sa guro kung wasto ang kanyang ginawa.

43 Itinampok ang mga politikal na karting ito sa mga aklat nina Salvador D. Halili, Jr. at Michael L. Krenn. Matatagpuan ang *The Filipino's First Bath*, kung saan inilalarawan ang sapilitang pagpapaligo ng isang taga-tribong sanggol na sumasagisag sa Pilipino, sa Halili, 56. Matatagpuan naman ang *The Cares of a Growing Family*, kung saan nakaupo si McKinley sa isang kahon ng sabon, nakatingin sa mga naisa-negrong, mukhang-unggoy na mga sanggol, sa parehong Halili, 63 at Krenn, 47.



Swapping stories with the Governor



THE BAGUIO HOSPITAL.

This hospital, built on a picturesque site in the midst of imposing mountain scenery, where it gets the full sweep of the cool pine-scented breezes, has done wonderful work. Note the tuberculosis cottages on the crest of the ridge.

Pig. 5a. "Swapping stories with the Governor" (pah. 103); 5b. Pagbabantay ng Baknang sa maysakit na Governor (pah. 105); 5c. "The Baguio Hospital," mula sa *The Philippines Past and Present*, tomo I (1914, pah. 264), ni Dean C. Worcester.

ni Frank Lawrence Jenista ang “symbiosis at pagkakaibigan” ng mga “Puting Apo” (White Apos), ang mga lokal na tagapamahalang Amerikano, sa mga pamayanan sa Cordillera Central.<sup>44</sup>

Isang bahagi ng edukasyon sa panahong Amerikano ang kapangyarihan ng katutubo na natuto ng wikang Ingles. Nangingibabaw ang paglalarawan ng relasyong pangkapangyarihan sa pagsasanay at pagpapakadalubhasa sa wikang Ingles, kung saan taglay ng kumolonisa na nagsasalita ng Ingles ang mas malaking bahagdan ng kapangyarihan, at unti-unting napapasahan nito ang kinolonisa habang natututunan nila ang wika. Sa *BPJ*, salungat sa pamamayani ng tinig ng mga nagsasalita sa Ingles, ilang tagpo lamang ang ipinakita kung saan umaambag ang Igorot sa pakikipag-usap. Isang tagpo rito ay noong nakipag-usap ang ama ni Barbara sa Baknang gamit ang mga senyas at ilang salita sa Igorot, Espanyol, at Ingles.<sup>45</sup> Bagama’t minsa’y nagiging balakid ang wika sa pagitan ng mga Amerikano at Igorot, mayroon ding mga tagpo kung saan nagsisilbi ang kumbersasyon ng dalawa bilang tagumpay ng Amerikanong edukasyon ng mga Igorot. Nang makisalamuha sina Barbara at ang kaniyang mga kaibigan sa “little brown flock” ng binibining guro, mayroong nakakatawang pagtatangka ng mga munting Igorot na simulan ang pag-uusap sa pamamagitan ng mga pagbati sa Ingles nang sabay-sabay, tulad ng “Good morning,” “Good night,” “Goodby,” “Thank you,” “Please,” “You’re welcome,” at “Excuse me”.<sup>46</sup> Maharayang pinanday ni Burks ang hulagway ng mga nagsisimulang magsalita: ang mga salitang Ingles na itinuro sa kanila, ang tapat na mga pagkakamali ng di-wastong paggamit ng pagbati, at ang paputol-putol na mga salita gamit ang pagbigkas sa estilong Igorot.<sup>47</sup> Sa isang pangyayari, tumugon nang tama si Mokimok, ang “pinakamagalang na batang Igorot sa Benguet,” sa pagbati ni Gobernador Taft (Fig. 4c). Nakapagpalakas ng loob at tiwala sa sarili ng mag-aaral na Igorot ang paghawak niya sa wika.

---

44 Jenista, 228. “The protective and sympathetic attitude of the apos toward the Ifugaos vis-à-vis the lowland Filipinos, the friendly personal relations which developed between Ifugaos and Americans, and even the benign results of complicated male-female relationships all combined to produce among the Ifugaos a personal regard for their American rulers, an affection clearly demonstrated on a number of occasions.”

45 Burks, *Barbara’s Philippine Journey*, 83.

46 *Ibid.*, 76.

47 *Ibid.*, 109.

Habang dumaraan sa transpormasyon sa pamamagitan ng pangkalusugan at pangwikang edukasyon, inilalarawan ang mga batang Igorot na may hawak na kapangyarihan, gaano man kaliit, tulad ng kumolonisa sa kanila.

Dagdag pa, pinaigting ng propaganda ng pagsasabilisadong misyon sa pampanitikang teksto ang nagaganap na kolonisasyon. Ang munting si Pit-a-pit, na inilagay ni Burks sa silid-aralan bilang apat na taong gulang na nakakayang magbaybay ng mahihirap na salita tulad ng “house” at “banana,” ay isang totoong produkto ng kolonyal na banyuhay. Ipinagmamalaking pinagtabi ni Dean C. Worcester ang isang walang pang-itaas at naka-suit na Pit-a-pit sa *frontispiece* ng panagalawang tomo ng kaniyang *The Philippines: Past and Present* (1914), at muli ring lumabas sa isang maikling lathalaing panturismo tulad ng isyung 16 Agosto 1915 ng *The Mentor*.<sup>48</sup> Gayumpaman, nararapat na ipunto ang pagkakaiba sa kontekstong pang-espasyo: ang munting Pit-a-Pit




Fig. 6. “The Metamorphosis of a Bontoc Igorot: Two photographs of a Pit-a-Pit, a Bontoc Igorot Boy. The second was taken nine years after the first.” Frontispiece ng Worcester’s *The Philippines: Past and Present*, tomo 2.

48 Worcester, *The Philippines*, ii; “The Open Letter,” nasa “The Philippine Islands,” *The Mentor*.



ng *BPJ* ay nasa Benguet, samantalang ang tunay na Pit-a-pit ay isinilang at lumaki sa Bontoc. Ang munting Pit-a-pit ng *BPJ*, sa totoong buhay, ay papasok sa Saints Mission School, Bontoc, at kalauna’y sa Easter School ng Baguio, sa ilalim ng suporta ng misyonerong Episcopalian na si Rev. Walter Clayton Clapp.<sup>49</sup> Matapos ng kaniyang pag-aaral sa Canada at Maynila, babalik si Hilary “Pit-a-Pit” Clapp sa Bontoc upang maging Mountain Province District Health officer, sang-ayon sa pinupunto ni Gerard A. Finin: “Pumasok ang mga unang edukadong tagabundok sa mga hanay ng administratibong balangkas ng Mountain Province.<sup>50</sup> Sa pagsasalimbayan ng interkoneksyong ito ng pampanitikang teksto at testimonya, nagkakaroon ng nagpapatuloy na pagpapamalas ng kolonyal na pagbabanyuhay.

## **Eksotismo: Mula Sinopobiya patungong Relatibismong Pangkultura**

“We are in the loveliest place in the world.”<sup>51</sup>

Naging isang pangkaraniwang tema ang eksotismo habang lumilikha ng larawan ng Pilipino ang mga Amerikano. May dalawang direksyon ang “pagkamangha” o “pagkahumaling” sa di-kilala, dulot ng sarili nitong mga pangkasaysayang konteksto. Noong unang bahagi ng dekada 1890 hanggang sa Digmaang Espanyol-Amerikano noong 1898 kung saan kagyat silang nagkamit ng kolonyal na awtoridad, mayroong limitadong kaalaman lamang hinggil sa Kapuluang Pilipinas ang mga Amerikano. Tutukuyin ni Joseph Earle Stevens sa kaniyang tala ng paglalakbay ang kamangmangan ng mga Amerikano hinggil dito, kung saan sa kabutihang-palad, itinulat ng tagumpay sa Look Maynila noong 1898 ang naisasantabing kabisera ng Pilipinas patungo sa pagiging kilala, at “hindi na nananatili ang pangkaraniwang mamamayan, sa pagdaan ng mga araw, na maghakang ang Manila ay binabaybay nang may dalawang *I* at lumulutang sa South Sea kung saan man sa pagitan ng Fiji

---

49 Finin, 66.

50 *Ibid.* “[T]he first educated highlanders entered the echelons of Mountain Province’s administrative structure.”

51 Burks, *Barbara’s Philippine Journey*, 64.

at Patagonia.<sup>52</sup> Gayumpaman, kinakailangan pa rin ng malalim at matagal na paglubog sa kolonya upang makalikha ng mas malinaw na larawan ng magkakaiba nitong pagkakakilanlan. Mababanaag sa popular na mga imahen na batbat ang larawan ng Pilipino ng rasista at sinopobikong mentalidad ng mga Amerikano. Sa kaniyang pag-aaral ng mga politikal na kartun noong 1898-1901, pinag-ugnay ni Servando D. Halili ang mga rasistang argumento ng mga Amerikanong bumabalangkas ng mga patakaran sa Estados Unidos at sa popular na pagtingin sa mga Pilipino sa mga politikal na kartun, kung gayo’y lumilikha ng isang malaking kambas ng tinatawag niyang “ikonograpiya ng imperyo”. Bumalangkas siya ng mga salungatang binarya mula sa mga halimbawa ng pagtatabi at paghahambing, kung saan ipinapakita ang Pilipino bilang hitsurang-bata, maitim, bubot, mangmang, sinauna, at mabangis.<sup>53</sup> Nang maging pula ang kulay ng mga kapataga’t kabundukan ng digmaan sa pagitan ng mga rebolusyonaryong Pilipino at mga puwersang Amerikano, may patuloy na modipikasyon sa imaheng nakakabit sa mga Pilipino. Mula sa ginawang-negro, bata, nangangailangan-ng-disiplinang karakter, napansin ni Michael L. Krenn ang pagsasalikop ng mga isteryotipong Afrikano-Amerikano at Katutubong Amerikano upang isagisag ang Pilipino: “Ang paurong at sinauna, bagama’t mapanlansi at nakamamatay na Indian ay tila mas angkop na gabay kung saan muling iguguhit ang Pilipino.”<sup>54</sup> Naging ebidensya ang mga pagkatha at modipikasyong ito sa larawan ng Pilipino ng kakulangan sa kaalaman at rasistang prehuwisyong ng mga Amerikano na nagluwal naman ng sinopobikong eksotisismo sa mga larangan tulad ng panitikan.

Sa kaniyang panunuri ng mga aklat pambata noong 1872-1902, partikular ang *Life in the East Indies* (1872) ni William H. Thomes, tinukoy ni Netzorg ang sinopobiya bilang “batayang sangkap ng hiblang pang-abentura ng domestikong yari ng Estados Unidos.” Bilang karagdagan, idiniidiin ng malapitang pagbasa ni Eugene Y. Evasco ng mga nobelang *Old*

---

52 Stevens, xiii. “[T]he average citizen is no longer left, as in days gone by, to suppose that Manila is spelt with two l’s and is floating around in the South Sea somewhere between Fiji and Patagonia.”

53 *Ibid.*, 76-78.

54 Krenn, 48. “The backward and primitive, yet stealthy and deadly Indian seemed a more appropriate template on which to redraw the Filipino.”

*Glory* (1899-1901) ni Edward Stratemeyer ang maanomalya at tiwaling eksotisismo pagsasa-istryotipo, at pagsasantabi (*othering*). Ang marupok na “batayang pangkaalaman” ng mga may-akda ng aklat na ito at ang pagsusulong ng rasistang pagsasadakila sa kanila mismo ay mainam na sumasalikop sa kanilang maharayang produksyon sa pagkatha ng mga kuwento ng pakikipagsapalaran. Malaki ang kapasidad ng eksotikong tagpuan upang ipook ang mga tunggalian; nagbubunga ito ng banghay na napapaandar ng umaatikabong aksyon at damdamin. Ang naturang namamayaning larawan ng Amerikanong kolektibong mentalidad, kasabay ng kakulangan ng kaalaman at sanggunian para sa mga may-akda at sap ag-imbento na lamang ng mga di-makatotohanang impormasyong pangkultura upang punan ang puwang, ay nagdulot sa eksotisismo noong huling bahagi ng 1800 at unang mga taon ng 1900 na umandar patungo sa sinopobiya.

Matapos ang isang dekada, maraming naganap na pagbabago sa Kapuluang Pilipinas sa ilalim ng karot at pamalo ng mga Amerikano. Sa larangang pampolitika, naganap ang pagpihit mula sa pamahalaang military patungong sibil noong 1901, kung saan naging gobernador sibil si William H. Taft, at noong 1903, naging gobernador-heneral. Naluklok sa mga posisyon sa pamahalaang insular ang ilang mga Pilipinong politico; kalaunan, magkakaroon ng Philippine Assembly. Ipinatupad ang mga kolonyal na sosyo-kultural na proyekto sa ilalim ng mga watawat ng “pagsasabilisadong misyon” at “benevolent assimilation,” kung saan nilalayong tunguhin ang kalagayan ng isang Amerikanisadong kolonyal na modernidad. Mababakas sa mga naunang taon ang isinagawa sa larangan ng edukasyon, kalusugan, at produksyong pang-ekonomiya. Hinggil sa kaalaman sa mga “Di-Kristiyanong Tribo” (Non-Christian Tribes), lumawig ang mga pagbubuhos-lakas sa mga pag-aaral sa rehiyon ng Kordilyera, kung saan kilala ang mga pangalang Dean C. Worcester, H. Otley Beyer, David Barrows, Rev. William Clayton Clapp, Albert Ernest Jenks, at iba pa.<sup>55</sup>

Mayroong naidulot ang pagsulong sa pagkilala sa pagkakilanlang Pilipino sa pagkatha ng mga akdang pambata. Produkto ang *BPJ* ng isang panahon kung saan mayroon nang mapagbabatayang impormasyon na makakapaglarawan

---

55 Finin, 26-40; Russell, 37-40.

ng mga tagpo nang may kaugatang pangkasaysayan at pangkultura. Dulot ng mga personal na sanaysay at kuwento ng mga manlalakbay at sundalo sa Kapuluang Pilipinas, at mga pananaliksik na isinagawa ng mga iskolar, nagdulot ang “batayang pangkaalaman” ng pagpapahalaga sa realidad sa likod ng kung anong tinatangang isapiksyon ng mga may-akda. Magbibigay ng halimbawa si Netzorg, tulad ng *The Boy Travellers in the Far East* ni Thomas W. Knox na humugot ng mga impormasyon sa mga tala nina Paul Proust de la Gironière (nanatili noong 1819-1839) at Fedor Jagor (dumating noong 1859-60), upang sabihing kadalasang umuugat ang panitikang pambata sa mga tala ng mga manlalakbay. Sa panahong nailathala ang *BPJ*, mayroon nang mga tala na maaaring nagamit ni Burks bilang batayang pangkaalaman, tulad ng mga kuwento hinggil kay Gobernador Taft, mga karanasan ni Mrs. Kelly, mga gawi at tradisyon sa mga poblasyon, mga yamang ilahas tulad ng mga rumaragasang ilog at dambuhalang buwaya, mga istorya ng pagputok ng bulkan at lindol, at iba pa. Mayroong mga paralelismo ng mga paksa sa mga piksyonal na kuwento ng paglalakbay tulad ng *BPJ* at ng mga tala ng paglalakbay na nailathala sa Ingles, tulad ng nabanggit na akda ni Stevens, *Yesterdays in the Philippines* (1898), at *The Philippine Islands* (1890) ni John Foreman. Isa ring kilalang tala ay ang mas naunang *A Visit to the Philippine Islands* (1859), ni Sir John Bowring, dating gobernador ng Hong Kong. Maging ang anim-na-taong gulang na tauhang si Ba-long-long ay isang cross reference sa abenturerong bida ni Albert Ernest Jenks sa *Balonglong, the Igorot Boy* (1907), na maaaring makita sa mga papeles ni H. Otley Beyer. Katuwang niya sa *BPJ* ang munting si Pit-a-pit, na isang tunay na batang Igorot sa Bontoc (kalauna’y naging si Hilary Clapp) at isang paborito ni Worcester sa noon-ngayon na paghahambing, isang produkto ng kolonyal na banyuhay.

Makikita rin ang mga tendensiya ng relatibismong pangkultura ng *BPJ* sa mga itinampok nitong detalye ng materyal na kultura. Masinsing nakakabit ang presentasyon nito sa tiyak na gamit nito. Kung paano nagiging kapaki-pakinabang ang materyal na kultura ay kaugnay sa pakikipagbuno at pakikiyayon ng mga tao sa mabundok na kapaligiran. Binanggit ang kasangkapang “*cheluptup*” nang may diin sa gamit nito sa agrikultura. Ipinakikilala ang kanin, kamote, at saging bilang mga karaniwang pagkain. Interesante rin kung paanong minaniobra ng kanin ang talakayan, hindi

lamang sa nakakapagod nitong paghahanda at pagluluto (na sumasalamin din sa mga tradisyonal na kapamaraan at pagpapahalaga, tulad ng pagsisikap at patitiyaga, ng mga katutubong tagabundok) kundi maging ang gamit nito bilang batayang carbohydrates ng mga katutubo na magagamit nila sa mabigat na gawaing panlakas. Sinasabi pa nito na tagahubog ang kanin ng puwersang paggawa at ang mga Igorot, dahil sa kahiligan sa kanin, ay nakatadhana upang maging muskulo ng pamayanan. Makikita naman sa kanilang pananamit ang ikonikong G-string at ang “munting bulak na dyaket” na isinusuot ng mga mag-aaral na Igorot, na tinuturuang labhan ito sa kanilang mga “araw ng paglalaba”. Pinapatatag ng munting tansong pipa ng Baknang ang kaniyang imahe ng kataasan, katuwang ang kakatwang malaking butas sa tainga, na maipapaliwanag kalaunan bilang isang “stylish” at “convenient” na lalagyan ng kaniyang posporo. Mailalarawan ang kadakilaan at kataasan sa lipunan ng Baknang (o sa mga salita ni Barbara, “looking important”) sa pag-upo niya sa kaniyang mga sakong sa harap ng kaniyang kubo habang nagtatrabaho ang iba sa pamayanan.

Tumutuntong ang kulay ng relatibistikong pangkultura ng eksotisismo ng *BPJ* sa batayan ng kamalayan ng relatibistikong pangkultura sa mga Amerikanong bata. Laging tinatangka ng mga magulang, lalo na ang ama ni Barbara, na isakonteksto sa kulturang Igorot ang natutunghayang kakatwang pangyayari o tagpo na napapansin ni Barbara at iba pang tauhan. Sa ilang pagkakataon, nagsisilbing tagapagsalaysay si Barbara upang ipaliwanag ang pangkulturang kahalagahan ng isang bagay. Halimbawa nito ay ang pangangailangan ng mga Igorot na kumain ng maraming kanin upang “mapanatiling malakas at malusog” at hindi agarang nangangahulugang kasibaan; manipestasyon naman ng pagbubuhay ng Igorot na bata ng mabibigat na kamote ang pagiging matatag at bilang paghahanda sa pagiging “kamangha-mangha, malalakas, matatayang na lalaki”; at ang pagpapaliwanag ni Barbara kung bakit maganda para sa mga Igorot ang malalaking butas sa tainga.<sup>56</sup> Kung titingnan ang mga collocate ng taong “Igorot,” namamayani ang mga positibong pang-uri tulad ng “good” (2 paglitaw), at “funny,” “happy,” at “sturdy” (1 paglitaw).

---

56 Burks, *Barbara's Philippine Journey*, 75, 83, 86.

## Mga Igorot bilang mga “Munting Kayumangging Kapatid”

Bagama't nasa tunguhin ng pag-unawa at pagpapahalaga sa mga etnolingguwistikong pangkat, nakapaloob pa rin ang eksotisismo ng *BPJ* sa larangan ng Amerikanong rasismo. Prominente rito ang katagang “little brown,” na ang mga pinagmulan sa kasaysayan at pagpapaloob sa naturang pampanitikang teksto ay susuriin sa bahaging ito.

Ikinakabit ang “munting kayumangging kapatid” (*little brown brothers*) sa mga Pilipino, na maaaring bigyang-kahulugan sa iba't ibang paraan sa simula ng Amerikanong kolonisasyon sa Pilipinas. Bagama't tinitingnan bilang hiwalay sa konteksto ng *BPJ* at siyang nararapat na basahin sa ibang lente, ilan sa mga paglitaw ng “little brown brother” sa panitikang pambatang Ingles ay sa tulang *Baby Seed Song* ng Ingles na manunulat at aktibistang si Edith Nesbit (1858-1924); maging si Mowgli, mula sa *The Jungle Books* (1894) ng kilalang pumapanig sa mga imperyalistang si Rudyard Kipling (1865-1936), ay makakatanggap din ng mga panlahing pang-uring “brown,” kung hindi man “little brown.”<sup>57</sup>

Gayumpaman, bago pa ang Amerikanong bersyon ng “little brown brothers,” makikita na ang pagsalungguhit sa “pagkakapatiran” (*brotherhood*, bagama't gender-neutral ang katumbas sa Tagalog/ Filipino) sa mission civilisatrice sa Europa. Isa sa mga prominenteng Pranses na pilosoper, matematiko, at siyentistang pampolitika, si Nicolas de Condorcet, ang susuhayan ang pangangailangan ng mission civilisatrice sa mga “hindi pa sibilisadong” lugar. Sa kaniyang *Sketches for a Historical Picture of the Progress of the Human Mind* (1795), mababanggit ang sagradong tungkuling tulungan

---

57 Kipling, 7, 21, 48. Maaaring makita ang *Baby Seed Song* ni E. Nesbit, bagama't hinahakang nailathala sa isa sa kaniyang mga naunang kalipunan ng mga tula, sa isang publikasyon ng *The Sunday Times*, Perth, Western Australia, noong 21 Abril 1935. <<http://trove.nla.gov.au/newspaper/article/58756617>>

Ayon sa tula: *Little brown brother, oh! little brown brother, / Are you awake in the dark? / Here we lie cosily, close to each other: / Hark to the song of the lark! “Waken!” the lark says, “waken and dress you; / Put on your green coats and gay, / Blue sky will shine on you, sunshine caress you! Waken! ‘tis morning ‘tis May!” / Little brown brother, oh! little brown brother, / What kind of a flower will you be? / I’ll be a poppy all white, like my mother; / Do be a poppy like me. / What! You’re a sunflower! How I shall miss you! / When you’re grown golden and high! / But I shall send all the bees up to kiss you; / Little brown brother, good-bye.*

ang mga taong ito, “na tila naghihintay lamang na hainan natin sila ng mga pamamaraan upang maging sibilisado, na makakatagpo naman ng *mga kapatid* (brothers) sa mga Europeo, at magiging kanilang mga kaibigan at disipulo.”<sup>58</sup> Sa mga unang taon ng 1900, kilala sa rasistang diskurso ng “munting kayumangging kapatid” ang Amerikanong politikong si William Howard Taft (1857-1930). Sa kabalintunaan, nagsilbing isang abenida para sa pinaigting na sinopobiya at diskriminasyon ang argumento ng makataong at mala-kamag-anak na pagturing sa mga munting kayumangging kapatid. Tulad ng isinalaysay ni Stuart Creighton Miller, “Ginalit ni Taft ang militar sa pagtatalakay sa kanila ng politika at sa pagbibigay-katauhan sa Pilipino bilang ‘mga munting kayumangging kapatid’ na nangangailangan ng pagpapasulong sa pamamagitan ng kabaitan at mahinahong pangungunawa.”<sup>59</sup> Mas lalo pang nakilala sa klima ng mentalidad ang kamarim-marim na tugon mula sa mga Amerikanong militar, “He may be a brother of William H. Taft, but he ain’t no friend of mine,” noong kathain ito bilang tulang naging isang popular na awiting panghukbo.<sup>60</sup> Kalaunan, iba pang mga kataga sa awiting panghukbo ang nakilala sa kanilang masisidhing sinopobikong pananaw, tulad ng “Damn the Filipinos!” (na lumabas din sa nobela ni Stanley Portal Hyatt na *The Little Brown Brothers*, 1908) at “Civilize them with a Krag” (na nakita ni John Morgan Gates bilang “mabangis na puwersa na sinasagisag ng bagong-labas na mga ripleng Krag-Jørgensen ng hukbo”).<sup>61</sup>

---

58 Condorcet, 68.

59 Miller, 167. “[...] Taft angered the military by discussing politics with them at all and by characterizing the Filipino as ‘our little brothers’ who needed to be uplifted through kindness and gentle understanding.”

60 *Ibid.*, 296-297; Gates, 188. Tulad ng inilagay ni Miller sa talahuli, isinulat ni Robert F. Morrison ang tula sa *Manila Sunday Sun* sa ganitong mga taludtod: *I’m only a common soldier-man in the blasted Philippines. / They say I got Brown Brothers, but I dunno what it means. / I like the word fraternity, but I still draw the line; / He may be a brother of William H. Taft, but he ain’t no friend of mine. May bahagyang ibang bersyon si Gates: [H]e may be a brother of Big Bill Taft, bu he ain’t no brother of mine!*”

61 Gates, vii, 188; Hyatt, 2. Gates: “[T]he brute force symbolized by the army’s newly issued Krag-Jørgensen rifles.” Dagdag pa, bumukas ang unang kabanata ng *The Little Brown Brother* sa nakakahindik na awiting, *Damn, damn, damn the Filipinos!! Pocked-marked, yellow-skinned ladrones, / Underneath the Starry Flag! / Civilize them with a Krag, / And return to our beloved homes.*

Ihiwalay man sa sinopobiya ng militar, lumalabas na ambivalente o tambal-salungat rin naman ang pagdadalumat ni Taft ng “little brown brothers,” sapagkat pinayabong ito ng makapangyarihang rasistang mentalidad. Bagama’t nakikita ni Taft ang “kapasidad para sa pagkahubog sa hinaharap” ng mga Pilipino, nakapaloob pa rin siya sa larangan ng rasistang pag-iisip na nagdulot sa kaniya ng pagtatasang hindi pa handa ang Pilipino para sa kasarinlan at nararapat lamang ang pamamahalang Amerikano.<sup>62</sup> Sa kaniyang aklat, pinagtuunan ni Glenn May ang mga rasistang pananaw nina Taft at ng kaniyang gabinete sa mga unang taon ng kinikilala bilang Taft Era (1900-1913). Dulot ng paniniwala sa kataasan at kadakilaan ng puti at Anglo-Saxon sa ibabaw ng mababang kayumangging “lahi” ang mga batayan kung saan bubuuin at babaguhin ng mga administrador ang kanilang mga pasya tungo sa pagkamit ng mga Pilipino ng kasarinlan, edukasyon para sa nakararami, at pang-ekonomiyang pag-unlad.<sup>63</sup> Kaugnay ng pagtutuon rito kay Taft ang kaniyang “cameo” sa *BPJ* upang idiin ang natutunang paggalang ng batang Igorot na si Mokimok.

Naisulat ang *BPJ* nang higit sa isang dekada matapos ang masidhing sinopobikong diskurso ng “little brown brothers”. Gaya ng naturan kanina, ang pangkabuuang tunguhin ng akda ay patungong relatibismong pangkultura. Makikita rito hindi ang pagkamuhi ng mga Amerikano sa kulay ng isang Pilipino, kundi ang paghanga sa kanilang balat, na makikitaan ng mga anino ng romantisasyon. Hindi lamang lumalabas ang romantisasyon sa mga akdang pambatang tulad nito, kundi maging sa etnograpiya noong unang bahagi ng 1900. Kinategorisa ito ni Susan Russell bilang isa sa mga problematikong ibinunga ng masigasig na produksyon ng mga antropolohista ng mga komprehensibong deskripsyon ng mga eksotikong kapaligiran at mga paglalarawan ng mga kulturang pantribo na maaaring ituring na homohenyo, estatiko, at masyadong romantiko.<sup>64</sup> Karagdagan sa pahayag ng panggilalas ni Barbara nang una niyang makita ang mga Pilipino sa Maynila, “What a

---

62 May, 12.

63 *Ibid.*, 11-12, 17.

64 Russell, 30.



pretty brown skin there is!.. It is like a fresh horse-chestnut,”<sup>65</sup> mayroon pa siyang mga tagpo ng paghanga nang makita niya ang kulay ng Igorot na wala sila at hindi pa nakikita noon.

He certainly was worth looking at. I had never seen a living thing like him, for he looked very much like the *pretty bronze statue* we have on our mantelpiece at home. He had the *same shining brown color* and had no more on him than the statue.<sup>66</sup>

Kaugnay ng paghanga sa balat, mayroon ding interesanteng obserbasyon hinggil sa paglitaw ng mga pang-uri ng kulay. Sa Fig. 11, makikita na may parehong bilang ng hits ang mga salitang “white” at “brown”. Gayumpaman, walang tiyak na konsentrasyon sa kahabaan ng halang ang mga pang-uring “white,” kundi, kalat-kalat ito. Sa kabilang banda, may mga bahagi ng konsentrasyon ang “brown” sa kahabaan ng halang. Kung ipagtatabi, makikitang ang karamihan ng mga konsentrasyong ito ay nasa mga kabanata ng Benguet. Sa panrabaw na pagtingin, maaaring mahinuha ng isa na ang mga Igorot ng Benguet ang pinakamadadalas na tagatanggap ng pang-uring “brown”.




Fig. 7. Ang concordance plot ng mga salitang “benguet” (B), “brown” (b), at “white” (w). Pansinin ang konsentrasyon ng “brown” sa loob ng mga kabanata ng Benguet.

Sa isa pang obserbasyon ng paghahambing, mapapansin ang mga nag-iiba-ibang pang-uri na may kaugnayan sa Benguet. Ang pang-uring “little” ay may

65 Burks, *Barbara's Philippine Journey*, 29.

66 *Ibid.*, 61-62.

mataas na antas ng kadalasan sa 152 hits. Kapag ikinabit ang “brown,” bababa ang bilang sa 10. Gayumpaman, mahalaga pa rin ang mga paglitaw na ito sapagkat may masinsing antas ng pagkakakawing ang mga salitang “little” at “brown”. Sa isang banda, “brown” (10 hits) ang pinakamadala na collocate sa kanan ng node na “little,” na sinusundan ng “(little) girl” (9), “(little) boys” (5), “(little) horse” (4), at iba pa. Sa kabilang banda, “little” ang pinakamadala na collocate sa kaliwa ng “brown” sa parehong 10 hits, na sinusundan ng “the (brown)” (2), at mga isahang paglitaw ng “fat (brown),” “tiny (brown),” “shining (brown),” at iba pa. Ibig sabihin, signifikante ang “little brown” batay sa ipinakita nitong paulit-ulit na sabayang-paglitaw (co-occurrence). Bilang pagpapalawig ng pagtatawa, makikita ang karamihan sa paglitaw ng “little brown” sa mga kabanata hinggil sa Benguet. Gayumpaman, kung titingnan ang mga karugtong sa kanan ng “little brown,” hindi ito magsasabi ng “Igorot” maliban sa isa (“little, brown-legged Igorots”). Kapalit ng pangngalang pantanging “Igorot,” ikinabit ang mga pangngalang pambalanang “women,” “flock,” at “baby,” o pangngalang pantangi din tulad ng “Pit-a-pit”. Ang “little brown,” kung gayon, ay maituturing na isang *bigram*. Pumapasok ito sa feature ng AntConc na “N-gram.” *Unigram* ang isang leksikal na yunit o node. Bigram naman ang signifikanteng dalawang magkakabit na yunit (*node-collocate*), na maaaring matingnan sa higit pang bilang, tulad ng trigram, 4-gram, at 5-gram. Para kay Guillermo, 5-gram na ang pinakaposibleng haba ng n-gram sapagkat bibihira ang pag-uulit ng higit pa rito. Tinutukoy ang mga n-gram dahil sa importansya ng kolokasyon, kohesyon, at sabayang-paglitaw (co-occurrence) nito sa teksto.

Maliban sa pagpapatatag ng pagtatasang ang mga Igorot ng Benguet ang nagmistulang pangunahing halimbawa ng mga kayumangging Pilipino, inilalagay nitong komparatibong kantitatibong pagtingin ang mga Igorot ng Benguet bilang mga tauhan sa kuwento na may pinakamasinsing pagkakakapit sa dalumat ng “munting kayumanggi”.

Mula sa tuon sa mga Igorot bilang pinakamadadala na tagatanggap ng “brown” o “little brown,” maaari ring tingnan ang mataas na antas ng kadalasan ng mga naturang pang-uri sa mga kaugnay na akdang pambata. Inilatag na ang batayan para sa paghahambing na ito ng nagrebyu ng *BPJ*, si Frank McMurry. Kaugnay ng mga akda ni Jane Andrews, *The Seven Little Sisters* (1861) (SLV)



Fig. 8. Ang concordance plot ng mga salitang “benguet” (B), “little” (I), “brown” (b), at “little brown” (Ib). Pansinin ang masinsing pagkakaugnay ng “little” at “brown,” at ang mga kabanata hinggil sa Benguet (kabilang ang mga naninirahan ditong Igorot) bilang pinakamadalas na tagatanggap ng pang-uring including “little brown”.

| Hit | KWIC   | File         |
|-----|--|--------------|
| 1   | he oldest sister was holding stretched out its little brown arms to me, and I could think of     | Barbara's Ph |
| 2   | ell that woman some things," she said. "Poor little brown baby!" Father came along over the gra  | Barbara's Ph |
| 3   | , oh, isn't it hot in Manila!" "See that little brown baby sitting on its mother's hip, " F      | Barbara's Ph |
| 4   | you to my children." Then she turned to her little brown flock. "Greet these little American f   | Barbara's Ph |
| 5   | lmost galloped into a crowd of about twenty little brown-legged Igorots who were walking toward  | Barbara's Ph |
| 6   | ands. Here they are," and Father pointed to a little brown patch in the blue on the opposite sid | Barbara's Ph |
| 7   | ght here in Benguet," she said, and she took little brown Pit-a-pit up into her lap and          | Barbara's Ph |
| 8   | ur camp, which was dotted with a number of little brown tents. Before the mules had really st    | Barbara's Ph |
| 9   | went on down the road and did catch a little brown woman with her baby on her hip. The           | Barbara's Ph |
| 10  | there walked up on to our tent platform a little brown woman with a great basket full of pot     | Barbara's Ph |

Fig. 9. Keyword-in-Context (KWIC) ng “little brown” (naka-asul at pula). Nakapaloob sa mga kabanata hinggil sa Benguet ang ikaapat hanggang ikasiyam na paglitaw (hits). Pansinin ang pagpapalit sa Igorot ng mga pangngalang pambalana (baby, woman, flock) o pantangi (Pit-a-pit). Ginamit dito ang concordance feature.

at ang sequel nitong *Each and All* (1878) (EAA), ang *BPJ* hindi lamang sa pagiging mga biograpikal na pag-aaral ng heograpiya sa anyong nagsasalaysay para sa mga mag-aaral sa elementarya, kundi maging sa kadalasan ng mga pang-uri na kadalasang nagpapahayag ng mga kaisipang panlahi.

Mayroong dahilan kung bakit magkakaroon ang *SLV* ng mas maraming paglitaw ng node/unigram na “brown” at bigram na “little brown” kaysa sa kasunod nitong *EAA*. Nagsisilbi itong panimula para sa pitong mumunting magkakapatid sa babae na mga isteryotipikal na kinatawan ng iba’t ibang etnisidad paikot sa daigdig. Mas may pinagtutuunang banghay ang *EAA* na may karagdagang tauhan. Ang “little brown baby” ay naging panagisag ng mga kayumangging taong naninirahan sa mga maiinit na bansa, naninirahan doon “katuwang ng mga bulaklak at ibon”.<sup>67</sup> Gayumpaman, hindi lamang si Little Brown Baby ang kayumanggi. Maging si Agoonack, ang kapatid na Esquimau ay mayroong “mga kayumangging paa”.<sup>68</sup> Hindi nangangahulugan sa kabuuan ang paggamit ng kayumanggi bilang kulay na pag-uuring panlahi. Kinabibilangan ang mga karugtong ng “brown” sa *SLV* ng mga hayop, pagkain, damit, at lupa.<sup>69</sup> May tambal-salungat na pagbasa sa pagtatangka ng mga aklat na ipakilala ang daigdig at mga taong naninirahan dito sa mga mambabasa o tagapakinig na naunang pinamamayanihan ng mga maalam sa Ingles. Bagama’t pinasimple nito ang mga magkakaiba at nag-iiba-ibang pangkultura at panrehiyong uri at etnisidad sa mga isteryotipo at inugnay silang lahat sa pamamagitan ng pangkamag-anakang pagkakabuklod sa pamamagitan ng makapangyarihang katagang “sister,” mapapansin pa rin ang pagdidiin sa mga Kanluraning isteryotipo. Nagsisilbing lunsaran ng paghahambing at pag-iiba ang kanilang mga katangian, upang gawing pamilyar ang mga di-kilalang

---

67 Andrews, *Seven Little Sisters*, 5.

68 *Ibid.*, 11.

69 Hindi isinama sa listahang ito ang mga bahagi ng katawan na naging kayumanggi (hal. mukha ng isang putting lalaki) o ang mula-pagkabatang kayumangging buhok at mata ng isang di-kayumangging-balat na tauhan. Para sa *Seven Little Sisters*, narito ang mga naturang collocates at ang bilang ng pahinang kanilang kinalalagan: bread/ pie/ puddings (9), seals (11), (little brown) dogs (14), horse (38), cotton dress (39, 42), donkey (45), moss (46), nut (53, 55), bird/s (63, 79, 79, 110), cormorants (64), gown (64), cow (75), (dark-brown) pig (82), ducks (84, 119), oaks (91), earth (105), bark (107).

Para sa *Each and All*: winter clothes (47), ibis (52, 74), camel (59), cotton dress (62), wax-insects (102), clay (133), (little brown) owl (151).

personalidad, na maaaring unawain sa konteksto ng pinatutungkulang pangkat ng mambabasa. Hinggil sa munting kayumangging sanggol, dulot ng kaniyang walang pangalan, pasibo, at pinakamusmos na katauhan, inilulugar ng dalumat ng infantisasyon ang isteryotipong kayumanggi sa pinakamababang bahagdan ng hagdanang panlahi. Nagsisilbi naman ang ikalimang kabanata ng *EAA* (*Can the Little Brown Baby do anything?*) bilang isang *deus ex machina* upang makapag-ambag ang naturang tauhan sa salaysay.<sup>70</sup>

Nararapat pa ring kilalanin ang pagtatangka ni Jane Andrews na maglatag ng landas ng mga “biograpiyang pangheograpiya” na may diin sa dalumat ng kapatirang pambabae (*sisterhood*) sa loob ng namamayaning patriyarkal na konteksto ng Amerika. Mayroong mga limitasyong pangkasaysayan para kay Andrews na nagtakda ng hangganan para kaniyang panitik, sa pagkatha ng mga kuwentong mayroong mga anino ng paghahambing ng mga lahi at hinarayang kaligiran na nagmimistulang isang palayok ng mga halo-




Fig. 10. Kadalasan ng “brown” at “little brown” sa *BPJ* at mga akda ni Jane Andrews

70 Andrews, *Each and All*, 120-127.

halong elemento at bagay. Gayumpaman, ang mga tambal-salungatan sa pumapailalim na rasistang tendensiya at ang masasabi ring relatibistang pangkultura na pagtatangkang bumuo ng pandaigdigang kapatirang pambabae ay nakakapagpatatag ng ugnayan ng mga akda ni Andrews at *BPJ* sa ilang mga antas, lampas pa sa ipinunto ni McMurry na mga layuning pedagogikal at kategoriyang pampanitikan.

## **Punto at Puwang sa Usaping Pangkasarian**

Nakatitik sila [ang mga “kolektibong ekspektasyon” at mga “obhektibong potensyalidad”] sa pisyonomiya ng kapaligirang pamilyar, sa anyo ng mga salungatan ng pampubliko, maskulinong uniberso at mga pribado, pambabaeng daigdig, ng pampublikong espasyo (ang plasa o ang kalsada, ang sityo ng lahat ng panganib) at bahay (madalas na namamasdang sa mga patalastas at kartun, ang mga babae ay kadalasang ipinopook sa domestikong espasyo, kaiba sa mga lalaki, na bihirang maiuugnay sa bahay ngunit masasabing madalas na ipinapakita sa mga eksotikong lokasyon)...<sup>71</sup>

Napahapyawan ni Pierre Bourdieu sa isa sa kanyang mga siksik at masalimuot na kabanata sa *Masculine Domination* ang pagkakatalaga ng mga espasyong pangkasarian tulad ng sinipi sa itaas. Kung sa ganitong binarya tatasahin ang *BPJ*, masasabing angat ito kaysa sa ibang akdang pambata ng sarili nitong panahon. Babae ang awtor nito na gumamit din ng babaeng protagonista bilang isang manlalakbay (na itinuturing na gawaing panlalaki) sa isang lugar na nasa periphery, nasa hindi pamilyar, nasa kabilang dulo ng daigdig (na espasyong pinaniniwalaang tinutuklas o dinadanas lamang dapat ng lalaki). Taliwas ito sa nakasanayan nang mga dime novels at adventure novels, tulad ng *Old Glory Series* na nilikha ni Edward Stratemeyer mula 1899-1901, at sa mga sumunod pa na pumasok sa Philippine Library kasabay ng *BPJ*. Nasa labas ng bahay/ komportableng espasyo ang ating babaeng tauhan na nakaranas ng bagyo, pagkatangay sa agos ng ilog, at maging lindol sa itinuturing na “eksotikong lokasyon”. Sa kalakasan ng loob ni Barbara na tumuklas ng mga di-pamilyar na lugar, patuloy nitong muling pinapakahulugan ang mga

---

71 Bourdieu, 57.

temang pangkasarian ng mga aklat ng pakikipagsapalaran na kadalasang kinatatampukan ng mga lalaking abenturero at paglalarawan ng pagkabinata o pagiging batang lalaki. Sa mas malawak na larangan, nagmumungkahi ito ng remodipikasyon sa mga Amerikanong paternalistang ideyolohiyang umuugat sa mga tulad ni Theodore Roosevelt, na pinanindigan ang imperyalismo upang maiwasan ang maskulinong neurasthenia (na diumano’y isang sakit na espesipiko sa lahi/raza, uri/saray, at kasarian), at muling paibabawin ang panlalaking sigla, gilas, at sigasig sa kolonyalista at imperyalistang pagtuklas at paggalugad ng di-pamilyar.<sup>72</sup>

Gayumpaman, bahagi ng tambal-salungatan o ambivalensiya ng akda ang masasabing pinangingibabaw pa rin ng dominanteng tinig ng lalaki na may diin sa paternalistikong rasismo sa mga katagang “little brown *brothers*,” ang lakas-panlalaki sa paghikayat ng mga pagpapahalaga sa gawaing panlakas (brawn work), at, hindi tulad ng *Seven Little Sisters* na umiikot sa mga batang babae, ang pamamayani ng lalaking tauhan, gayundin ang tinig, lalo na sa mga “kinatawang” katutubo ng Benguet. Tanging ang inang Igorot lamang ang makikitang babae; lalake na ang lahat, mula sa batang Igorot na nagbubuhat ng kamote, sa matandang Igorot na nagpasan kay Tommy, hanggang sa respetadong Baknang.

Mapapalitaw din ang dominanteng lalaking tinig sa mikroskopikong pagsipat gamit ang AntConc. Kapansin-pansin sa mga kinonsultang pagbasang computer-aided ang pamamayani ng pagtutuon sa mga pangngalan (sasabihin ni Prop. Guillermo sa isang pag-uusap na ang mga pangngalan/ nouns ay may sariling “gravitational pull”). Gayumpaman, mahalaga ring tingnan ang mga panghalip para sa pagbasa sa lenteng pangkasarian. Sa mga wikang espesipikong natutukoy ang kasarian ng tao tulad ng Ingles, madaling matasa sa panrabaw o empirikal na pagtingin ang alokasyon sa mga kasarian (*he* o *she*) ng mga indibidwal na kumikilos o nagsasalita. Mahirap ito para sa Tagalog/ Filipino sa panghalip (*siya*) na di-tukoy ang kasarian. Sa *BPJ*, 231 beses na lumabas ang “he,” samantalang 75 beses lamang ang “she”. Kadalasang kasunod ng mga panghalip na ito ang akto ng pagsasalita (usapan, salaysay, diyalogo, atbp.), o iba pang pagkilos (kung gayon, kinikilala ang kanilang paggalaw

---

72 Halili, 145, 147-148.

sa tagpo). Kung babalikan ang mga pangngalan na nabanggit kanina, may 207 na paglitaw ang “Father” samantalang 183 beses naman ang “Mother”. Natukoy na ring ang ama ni Barbara ang siyang nagsisilbing tagapagpaliwanag ng mga bagay na bago sa paningin ng batang Barbara, na nagpoposisyon sa lalaki bilang may alam sa mga bagay na di-pamilyar at eksotiko (muli, babalik sa pangkasariang alokasyon ng espasyong tinukoy ni Bourdieu).

Gayumpaman, maaari pang mapalawig ang sipat sa usaping pangkasarian sa *BPJ*. Maaaring magkaroon ng pagtukoy sa kohesyong leksikal ng mga tauhang babae at lalaki. Isa ang kohesyong leksikal sa mga lapit, kasangkapan, at/o metodo ng pagtukoy ng kohesyon, o ang “network ng leksikal, gramatikal, at ibang relasyon na nag-uugnay ng iba’t ibang bahagi ng isang teksto.”<sup>73</sup> Isang paraan ay ang “anaphora resolution,” kung saan tutukuyin ang mga pagbanggit ng pangalan at mga sumunod na ipinalit na panghalip dito bilang iisang entidad.<sup>74</sup> Halimbawa, ang paglitaw ng “Mother” at ang ipinalit ditong “she” ay gagawan ng iisang kawing (chain) bilang set ng mga elementong leksikal na tumutukoy sa iisa at parehong personalidad (ang Mother). May hawig din dito ang “substitution reiteration relation” ni Sanna-Kaisa Tanskanen (2006).<sup>75</sup> Itinuturing na pareho ang pangngalan at pinalit ditong panghalip kung tumutukoy ito sa iisang entidad, magkaiba man ang komposisyong morpemiko nito. Sa pagtalunton ng kohesyong leksikal ng isang tauhan na may ipinupuntong mahalagang usaping pangkasarian, magiging lunsaran na ito ng mas malawig pang pagtalakay.

## ***La Leyenda Negra at Hurrah for America***

Mayroong masalimuot na kasaysayan ng ideya ang dalumat ng *La Leyenda Negra* (Itim na Alamat), na bumabagtas sa iba’t ibang mga palaisip sa Europa at Latin Amerika. Hinggil sa Amerikanong pagdadalumat nito, nagbigay si

---

73 Rahimi at Ibrahim, 569.

74 *Ibid.*, 570.

75 *Ibid.*, 571.



Krenn ng buod ng tatak-Amerikanong Itim na Alamat na nakapaloob sa konteksto ng pagpapalawak ng kapangyarihan sa Latin Amerika at Pasipiko.

Hindi tulad ng matibay, maskulino, at nagsasariling mga Anglo-Saxon, ipinook ang mga Espanyol sa bahagyang mas mababa pang baitang ng lahi. Tinipon sila sa pangkalahatan kasama ang ibang “Meditraneong” Europeo, tulad ng mga Italiano. Ang pagiging mas malapit sa mas maiinit na klima ang nagtulak sa maraming Ingles na manunulat na lapatan ang Espanyol ng mga katangiang kapareho sa mga “salbahe” sa tropiko, na kadalasang tamad, pabugso-bugso, mahinang tagapamahala at tagaplano, at sa halip, malababae (emosyonal, pabago-bago, dahop sa seryosong kapangyarihan ng pagrarason).<sup>76</sup>

Nagpatuloy ang mga pang-uring ito sa mga pag-aaral hinggil sa mga Amerikano sa kolonisasyon sa Pilipinas. Sa kanyang pag-aaral sa *The Philippine Islands, 1493-1898* bilang kasangkapang pampropaganda, binanggit ni Gloria

***New Neighbors***

81

**thousands of schoolhouses, in which there are now five hundred thousand Filipino children.”**

**“Oh, that’s half a million, isn’t it?” I said.**

**“It is,” said Father, “and never before since the world was made have white men let brown men’s children go to school in such numbers. Until lately, white nations have sent their officers to the brown men’s countries to rule them and get riches for themselves and their own country, and they have often left the brown men **poor and ignorant and unhappy.** But our country has done differently. We have shown the Filipinos how to build schools, and instead of making them **poor and ignorant and unhappy,** we are teaching them how to be **well off and wise and glad.**”**

**“Hurrah for America!” I cried, jumping up and waving my arms.**

Fig. 12. Pahiwatig ng salungatang Espanyol-Amerikano bilang mga puting kolonisador (pah. 81)

76 Krenn, 28.

Cano ang 1913 epitaph ni Taft na nagbubuod sa intensyong imperyalistiko ng mga Amerikano: “to become the guardians of the ‘poor,’ the ‘ignorant,’ and the ‘weak’.”<sup>77</sup> Katulad ng kanyang argumento na ang mga pang-uring ito ay “may ginagampanang mahalagang papel sa lahat ng mga naratibo na sisibol mula sa mga Amerikanong unibersidad,” lilitaw rin ang mga halimbawa ng mga pang-uring ito sa mga salungatang binarya upang lumikha ng madilim na imahen ng pamamahalang Espanyol at itaas ang kolonyalismong Amerikano sa *BPJ*. Habang nag-uusap sina Barbara at ang kanyang ama hinggil sa pagtulong ng mga Amerikano sa mga Pilipino sa pagtatayo ng kanilang mga paaralan, mababasa ang mga halimbawa ng mga salungatan upang maipakita ang magkaibang direksyong tinatahak ng kolonisasyon ng parehong puting kolonisador.

Isinisi ang “kabangisan” ng mga katutubong tagabundok sa mga kalupitan at di-maayos na pamamahala ng mga Espanyol. Naging batyang saluhan ang Itim na Alamat upang gawing-lehitimo ang rasistang pananaw at pagsipat sa kayumangging katutubo bilang mabangis at barbariko ng mga Amerikano. Ayon sa pagbabalik-tanaw ng ama ni Betty:

It was a wild and dangerous country when the Americans first came here, but they have changed it. Your mother and I went through plenty of dangers then. The Spaniards had taken very poor care of the country. There were awful sicknesses here waiting to strike people down. You yourself, Betty, almost died, and so did Tommy, because we couldn't get good, clean milk as we can now. Besides the sickness and the dangers of traveling, such as your mother had just told you of, the land was full of thieves and even murderers. Once a thousand wild Igorots in these same mountains set after me with their spears and their axes and tried to take my life.<sup>78</sup>

Sa isa pang tagpo, malinaw na sinabi ang dahilan kung bakit nilusob ang ama ni Betty, kung saan itinuturo ang di-maayos na pagturing ng mga Espanyol:

“Why were the Igorots so fierce with the Spaniards?” I [Barbara] asked.

---

77 Cano, 4. “[P]layed a crucial role in all the narratives that would emerge from American universities...”

78 *Ibid.*, 60-61.

“The Spaniards treated them so badly,” Betty’s father said. “They took their rice away from them and made them do hard work without any pay. They treated them worse than slaves, and so Igorots hated them. The time they tried to kill me they hadn’t yet learned that the Americans were different from the Spaniards and meant them only good.”<sup>79</sup>

Idinidiin ng mga tunguhin ng patakarang benevolent assimilation ng mga Amerikano ang mga intensyong makatao para sa paghuhubog ng mga kinolonisa. Pinapalabas dito ang malaking pagkakaiba ng imahen ng kanilang pamamahala mula sa “sakim,” “mapanira,” “kalat-kalat,” “mapaniil,” at “despotikong” administrasyon ng Espanya.<sup>80</sup> Kabilang hindi lamang ang pagpapamalas ng pagbubuhos-lakas ng mga Amerikano na gawing-sibilisado ang kinolonisang paurong at barbariko, kundi pati na rin ang pagsasalehitimo at paninindigan sa kolonisasyong Amerikano. Pinalalakas ito ng mga depiksyon ng positibong pagtanggap at pagtugon ng mga katutubo. Itinatag ng mga pagtanggap at pagtugong ito ang mga ugnayan ng kumolonisa at kinolonisa, na tinitingnan sa ilalim ng nagliliwanag na silahis ng mga kumolonisa. Pinapakahulugan ang mga ugnayan at negosasyon hindi sa banggaan ng kapangyarihan sa pamamagitan ng pag-aalsa, labanan, at digmaan, kundi sa mga ideya ng interdependensiya, magkatuwang na pagkakahubog, kolonyal na modernisasyon, at pagtupad sa tungkulin ng kumolonisa. Sa *BPJ*, habang nagiging malay ang mga Igorot sa “mabubuting pakay” ng mga Amerikano, lumilikha ang kanilang tugon ng isang kaaya-ayang larawan ng mutuwalismong katutubo-banyaga, at maging ang ideya ng magkakaugnay na pagkakakilanlan sa isang napagbabahagiang, kung hindi man isinasaharayang, pamayanan.

“... [T]he result is that not only do the Igorots give us nothing to fear in Benguet, but they serve us as most faithful friends in many ways. More than once an Igorot has gladly shared with me his last chicken and a bowl of rice, when I’ve come to his little hut at dark, tired and hungry after tramping through the mountains. The Igorots have often helped me on my travels, too. They have carried my food and blankets on their backs, guided me through hard places, and taken me across rivers that certainly would have drowned me if it had not been for them.”<sup>81</sup>

---

79 Burks, *Barbara’s Philippine Journey*, 67-68.

80 Cano, 4; Krenn, 29.

81 Burks, *Barbara’s Philippine Journey*, 68.

Nagbunsod ang mga positibong bunga ng makataong pagbubuhos-lakas tungo sa pagsasasibilisado sa isang hiyaw ng patriotismo ni Barbara: “Hurrah for America!” Maaari itong gamitin upang pag-ibahin ang diumano’y maladministrasyon ng mga Espanyol at ang mainam na “civilizing mission” ng mga Amerikano. Sapagkat namutawi sa bibig ng isang batang tauhan, nagiging isang makapangyarihang panawagan ito upang panindigan ang pangangailangan ng Kapuluang Pilipinas na sumailalim sa mga Amerikano upang “iwasto” ang mga paurong na gawi ng mga Pilipino noon pa man na pinalala lamang ng di-maayos na pamamahala ng mga Espanyol.

## Konklusyon

“It is indeed part of our country,” said Father.  
“We should never have come here if it weren’t.”<sup>82</sup>

Bilang “closer reading” ng kolonyal na pampanitikang teksto, umuugat din ang pag-aaral na ito mula sa iba pang pag-aaral ng panitikang pambata noong okupasyong Amerikano sa Pilipinas. Isa rito ay ang *Imperyalismo sa Anyo ng Nobelang Pambata: Mga Katiwalian sa Seryeng Old Glory (1899-1901)* ni Edward Stratemeyer (2005) ni Eugene Y. Evasco. Sumasandig man sa mga nailatag nang pagsasatema ni Morton J. Netzorg sa kaniyang *Backward, Turn Backward* (1985), maituturing na may sariwang hangin itong maidudulot sapagkat naging mapanuri at mapagdestrungka ang pag-aaral gamit ang pananaw postkolonyal. Umuugat mula kina Saïd and Patajo-Legasto, kinuwestiyon ni Evasco ang mga maanomalyang anakronismo, pagsasantabi (*othering*), at Eurosentrikong sipat sa mga akda ni Stratemeyer. Pinunto niya ang panganib sa mga ganitong kuwento na nagpapalaganap ng mga “adhikaing kolonyal at imperyalista... sa anyong madaling maintindihan at kapanapanabik na wika.”<sup>83</sup> Nagtapos ang pag-aaral sa isang hamon na paigkasin ang kapangyarihan ng panitikang pambata upang “tuligsain at ituwid ang mga

---

82 Burks, *Barbara’s Philippine Journey*, 49.

83 Evasco, 126.

pagkakamali sa ating kasaysayan... tutulan ang paglalaganap ng kolonyal at neokolonyal na kapangyarihan sa iba't ibang anyo ng kultura.”<sup>84</sup>

Maituturing na mahalaga ang panimulaing ito ni Evasco na basahin ang politikal-ideyolohikal na proyekto sa mga kolonyal na akdang pambata. Matututunan dito na ang panitikang pambata ay hindi tiwalag sa anomang usaping pampolitika at pangkapangyarihan. Makikita rin ang paggigiit na hindi mga pasibong tagatanggap lamang ng mga kuwento at kaalaman ang mga bata, kundi mga aktibong ideyolohista, at kalahok sa diskurso ng kolonyalismo. Gayumpaman, tulad ng kadalasang sakit ng formalistikong pagbasa at bungibunging pagsasakontekstong pangkasaysayan, may kadahupan ito sa ilang pangkasaysayang datos at may kinikilala nang nakatakdang konklusyon. Malinaw na pahapyaw lamang na konsiderasyon ang inilaan para sa kaisipan ni Netzorg ng “culture lag”.<sup>85</sup> Isa sa mga halimbawa nito ay ang presentistang pagpupunto ni Evasco ng “kadahupan sa pananaliksik”: “Sakit ng anumang komersiyal na pagsusulat ang pagiging dahop sa pananaliksik. Higit itong lantad sa anyo ng realismo at historikal na sulatin. Kung kaya, hindi nakakapagtaka na 1,200 lamang ang bilang ni Stratemeyer sa mga pulo ng Pilipinas.”<sup>86</sup> Kung kokonsultahin ang mga tala ng paglalakbay sa wikang Ingles noong dantaon 19, umaayon ito sa bilang ng panahon. Ayon kay Joseph Earle Stevens (1898), mayroon itong 1, 400 na pulo; kay John Foreman (1899 at 1906), 600 na pulo; at kay Frederick H. Sawyer (1900), 1, 200 pulo.<sup>87</sup> Ni hindi ito lumalapit sa kasalukuyang bilang (1, 707+) dulot ng pagkakaiba ng konteksto ng siyentipikong pagtatala. Gayumpaman, mas malapit pa nga ang bilang ni Stratemeyer kaysa sa tantiya ng antropologong si Worcester noong 1915 (3, 000+).<sup>88</sup> Tandaang 1899-1901 naisulat ang seryeng *Old Glory*, kung saan dapat ding ikonsidera ang “culture lag” o “information lag” hinggil sa pagbibilang ng mga pulo sa Pilipinas.

---

84 *Ibid.*, 127.

85 Netzorg, 35.

86 Evasco, 122.

87 Stevens, xiv; Foreman, 5 (1899 ed.), 13 (1906 ed.); Sawyer, 1.

88 Worcester, *The Philippine Islands*, 1.

Upang lumihis sa nakakwadrang patutunguhan ng isang pagbasa, nararapat na kilalanin at unawain ang mga puwang at tambal-salungatan<sup>89</sup> ng kolonyal na akdang pambata hindi lamang sa teksto nito kundi sa konteksto ng produksyon at resepsyon. Sasabihin ni Clare Bradford, “[P]umapailalim ang mga diskursong kolonyal sa mga *puwang* at *tambal-salungatan* (*fissures and ambivalences*), kahit na tinatanggap nito sa katunayan ang prinsipyo na humahawak ang mga kumokolonisa ng isang posisyon ng superyoridad”.<sup>90</sup> Isang landas na maaaring tahakin ay ang muling pagbalik sa empirikalidad ng teksto sa pamamagitan ng kantitatibong panunuri, na siyang lumalayo sa masyadong “subhektibong” malapitan at formalistikong pagbasa. Mula sa pagsangguni sa empirikal (kung hindi man “obhektibo”) na datos mula sa mga resulta ng pagpoproseso sa computer program, matutukoy ang mga sentral, pangunahin, at nagbibigkis na mga temang pampolitika ng isang akda tulad ng *BPJ*. At sa pagtukoy ng mga temang ito, maimamapa ang kasaysayan ng mga pampolitikang ideya sa isang partikular na panahon kung saan umaambag ang pinag-aaralang teksto.

Hindi maikakailang nailalaliman ng mga politikal na kaisipan ang isang aklat pambata, lalo na kung iniluwal ito sa panahon ng tahasang tunggaliang pangkapangyarihan. Ika nga ng madalas umalingawngaw na kataga ni Rolando Tolentino, “Ang pagsusulat ay isang gawaing politikal.” Nagbibigay ang kolonisasyon ng isang direktahang abenida upang hubugin ang panitikan. Parehong itinataas ng mga aklat ni Stratemeyer at ng *BPJ* ang kolonyal at imperyalistikong sigaw: ang “Old Glory” na nagbanyuhay patungo sa “Hurrah for America!” Dagdag pa, isinasalehitimo ng diwa ng La Leyenda Negra ang pangangailangan na muling ihulma ang kolonyal nitong balangkas, kung saan ang lunan ng Benguet ay naging produktong patunay ng Amerikanong tatak ng kolonisasyon. Nakapook ang mga kuwento sa Benguet sa tagpuang

---

89 Salin ni Virgilio S. Almario ng “ambivalence”. Tingnan ang “Sa Pagbabalik ni Lola Basyang,” *Sagisag* (Abril 1976): 39-45.

90 Bradford, 78. “When Said’s theory is applied to the textual production of settler societies, it is clear that colonial discourses are subject to fissures and ambivalence, even if they accept as a given the principle that colonizers occupy a position of superiority; and postcolonial textuality is even more multifarious in its scope and variety of forms. As Homi K. Bhabha points out, the stereotyping by which the West represents non-Western cultures incorporates a contradictory mixture of fascination and distaste [...]”

ginaganapan ng “paglikha” ng mga kumolonisa ng isang panibagong tipo ng pamayanan.<sup>91</sup> Parehong hinihikayat ng seryeng *Old Glory* ni Stratemeyer at *Barbara’s Philippine Journey* ni Burks ang mga supling ng mga kumokolonisa na tanawin ang proseso ng kolonisasyon bilang gawi ng patriotismo. Sa pahayag ng ama ni Barbara sa itaas, mayroong ideya ng pag-aangkin ng mga banyagang espasyo. Naroroon din ang ideya ng pagkakaroon ng parehong pamayanan katuwang ang mga nakolonisa at pag-aambag sa pag-unlad nito sa pamamagitan ng pagsusulong ng “misyong pagsasabilisado” at pagiging responsableng “malaking puting kapatid”. Para sa mga supling ng mga nakolonisa, iminumungkahi ang pagpapasailalim bilang paraan ng pakikibuklod upang maisakatuparan ang mga adhikain ng kolonisasyon na tinitingnan bilang “nakabubuti”.

Gayumpaman, isa pa ring mahalagang akda ang *Barbara’s Philippine Journey* sa Amerikanong kolonyal na panitikang pambatang pumapatungkol sa mga Pilipino at Kapuluang Pilipinas. Bagama’t hindi dapat lampasan ng sipat ang di-winiwikang mga implikasyon ng ganitong ideyolohikal na pagpapataw at paghuhulma ng mentalidad sa isang kolonyal na akdang pambata, nararapat ding tingnan ang mga winika. Lumilitaw dito ang tambal-salungatan ng kolonyal na akdang pambata: may paglalaan pa rin ng espasyo at talastasan para sa mga kinolonisa upang ipamalas ang kanilang kakayahan na lumikha, makibahagi, at magpanatili ng isang banyaga-katutubong pamayanang binago ng proseso ng kolonisasyon. At ang sunod na maaaring itanong, isa ba itong akto ng pagsasakapangyarihan o pagsasalehitimo ng pagpapasailalim? Lubos na nakatulong ang pagkasangkapan sa mga computer program upang tukuyin, unawain, at tasahin ang mga *winikang* ito. Upang maging matalas at malalim pa ang pagbasa sa mga akdang kolonyal, nararapat na tuklasin at palawigin ng mga iskolar ang mga metodo tulad ng kalitatibo-kantitatibong pananaliksik na magbubunsod ng mga mas holistiko, angkop, at wastong pagbasa.

---

91 Tingnan ang ikatlong kabanata ni Finin, “Establishment of the Mountain Province,” 41-76. Isa pang mainam na sanggunian para sa mga pagbabago sa mga pamayanang pangkabundukan sa mga usapin ng teritoryo, uri, at pagkakakilanlang etniko dahil sa kolonyalismo ay ang “Kalikasan, Uri at Kakanyahang Pang-etniko: Ang Imperyalismong Estados Unidos sa Kordilyera ng Hilagang Luzon,” ni R. Reyes-Boquiren, sa *Philippine Social Sciences Review* (1999): 165-184.

## Talasanggunian

- “About the Internet Archive.” *Internet Archive*. Isinangguni 23 Marso 2018. <https://archive.org/about>
- Andrews, Jane. *The Seven Little Sisters, who Live on the Round Ball that Floats in the Air*. Boston: Ginn & Company, 1861.
- *Each and All; or, How the Seven Little Sisters Prove their Sisterhood*. Boston: Lee and Shepard, Publishers, 1878.
- Anthony, Laurence. *AntConc* (Version 3.4.4w) [Computer Software]. Tokyo, Japan: Waseda University, 2014. [www.laurenceanthony.net/software](http://www.laurenceanthony.net/software)
- *AntConc (Windows, Macintosh OS X, and Linux). Help file version 001*. 17 Setyembre 2014. Isinangguni 8 Marso 2018 sa [www.laurenceanthony.net/software/antconc/releases/AntConc343/help.pdf](http://www.laurenceanthony.net/software/antconc/releases/AntConc343/help.pdf).
- Bradford, Clare. *Unsettling Narratives: Postcolonial Readings of Children’s Literature*. Canada: Wilfrid Laurier University Press, 2007.
- Bourdieu, Pierre. *Masculine Domination*. Isinalin ni Richard Nice. Stanford: Stanford University Press, 1998.
- Bulletin of the Philippine Library*. Department of Public Instruction. III.7 (March 1915): 73-80.
- Burdick, Anne, Johanna Drucker, Peter Lunenfeld, Todd Presner, at Jeffrey Schnapp. *Digital Humanities*. Cambridge: Massachussetts Institute of Technology, 2012.
- Burks, Frances Williston. *Barbara’s Philippine Journey*. New York: World Book Company, 1913.
- “Some Factors Related to Social Success in College.” *The Journal of Social Psychology* 9 (1938): 125-140.
- Burks, Frances Williston and Jesse D. Burks. *Health and the School: A Round Table*. New York: D. Appleton and Company, 1913.
- Cano, Gloria. “Blair and Robertson’s The Philippine Islands, 1493-1898: Scholarship or Imperialist Propaganda?” *Philippine Studies* 56.1 (2008): 3-46.



- Condorcet [Marie Jean Antoine Nicolas de Caritat, Marquis de Condorcet]. "Sketch for a Historical Picture of the Progress of the Human Mind: Tenth Epoch." Isinalin ni Keith Michael Baker. *Daedalus* 133.3 (2004): 65-82.
- Costa, Horacio de la. *Readings in Philippine History*. Makati: Bookmark, Inc., 1965.
- Elliott, Charles Burke. *The Philippines, to the End of the Commission Government: A Study in Tropical Democracy*. Indianapolis: The Bobbs-Merrill Company, 1917.
- Evasco, Eugene Y. "Imperyalismo sa Anyo ng Nobelang Pambata: Mga Katiwalian sa Seryeng Old Glory (1899-1901) ni Edward Stratemeyer." *Philippine Humanities Review* 8 (2005): 110-128.
- Finin, Gerard A. *The Making of Igorot: Ramut ti Panagkaykaysa dagiti taga Cordillera (Contours of Cordillera Consciousness)*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2005.
- Foreman, John. *The Philippine Islands*. Ikalawa at ikatlong edisyon. New York: Charles Scribner's Sons, 1899, 1906.
- Foucault, Michel. *Discipline and Punish: The Birth of Prison*. Isinalin ni Alan Sheridan. New York: Vintage Books, 1977.
- Gates, John Morgan. *Schoolbooks and Krag: The United States Army in the Philippines, 1898-1902*. Connecticut: Greenwood Press, Inc., 1973.
- Guillermo, Ramon. "The Pulse of the Text: Using Digital Tools for Closer Reading." Plenary speech at the International Young Scholars Symposium on the Humanities and the Arts (INUSHARTS), Universitas Indonesia, 28-30 August 2017.
- "Panunuring Leksikal at Kolokasyunal ng Apat na Nobela ni Lazaro Francisco." *Philippine Humanities Review* 15.1 (2013): 68-88.
- Guillermo, Ramon, Myfel Joseph D. Paluga, Maricor Soriano, at Vernon R. Totanes. *3 Baybayin Studies*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2017.
- Halili, Servando D. Jr. *Iconography of the New Empire: Race and Gender Images and the American Colonization of the Philippines*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2006.
- Hartendorp, A. V. H. (pat). *Philippine Education Magazine* XXIII.4 (September 1926): 192-258.
- Hussein, Khalid Shakir. "Measuring Lexical Richness through Type-Token Curve: a Corpus-Based Analysis of Arabic and English Texts." *Research on Humanities and Social Sciences* 5.4 (2015): 97-104.

- Hyatt, Stanley Portal. *The Little Brown Brother*. New York: Henry Holt and Company, 1908.
- Internet Archive. 1996-31 Disyembre 2014. Isinangguni 23 Marso 2018. <https://archive.org>
- Jenista, Frank Lawrence. *The White Apos: American Occupation on the Cordillera Central*. Lungsod Quezon: New Day Publishers, 1987.
- Jenks, Albert Ernest. "Balonglong, the Igorot Boy. Chicago, 1907." *H. Otley Beyer Ethnographic Collection, National Library of the Philippines*. Isinangguni Oktubre 21, 2017. <http://nlpdl.nlp.gov.ph:81/OB01/NLPOBMN0012015131/datejpg.htm>
- Kipling, Rudyard. *The Jungle Book*. Planet PDF, walang petsa. Isinangguni Oktubre 21, 2017. [http://www.planetpublish.com/wp-content/uploads/2011/11/The\\_Jungle\\_Book\\_T.pdf](http://www.planetpublish.com/wp-content/uploads/2011/11/The_Jungle_Book_T.pdf)
- Krenn, Michael L. *The Color of Empire: Race and American Foreign Relations*. Washington, D. C.: Potomac Books, Inc., 2006.
- May, Glenn. *Social Engineering in the Philippines: The Aims, Execution, and Impact of American Colonial Policy, 1900-1913*. Connecticut: Greenwood Press, 1980.
- Mojares, Resil B. *Interrogations in Philippine Cultural History: The Ateneo de Manila Lectures*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2017.
- Moretti, Franco. "Style, Inc. Reflections on Seven Thousand Titles (British Novels, 1740-1850)." *Critical Inquiry* 36.1 (2009): 134-158.
- Miller, Stuart Creighton. "*Benevolent Assimilation*": *The American Conquest of the Philippines, 1899-1903*. New Haven: Yale University Press, 1982.
- Netzorg, Morton J. *Backward, Turn Backward: A Study of Books for Children in the Philippines: 1866 to 1945*. Manila: National Book Store, 1985.
- Osias, Camilo. *Barrio Life and Barrio Education*. New York: World Book Company, 1921.
- Rahimi, Ali, at Nabi Ebrahimi. "Lexical Cohesion in English and Persian Texts of Novels." *Mediterranean Journal of Social Sciences* 3.11 (Nobyembre 2012): 569-577.
- Russell, Susan. "Feasts of Merit: The Politics of Ethnography and Ethnic Icons in the Luzon Highlands." *Nasa Cordillera in June: Essays Celebrating June Prill-Brett, Anthropologist*. Tapang, B. P., ed. Quezon City: University of the Philippine Press, 2007.
- Sawyer, Frederic H. *The Inhabitants in the Philippines*. London: Sampson Low, Marston and Company, 1900.

Stevens, Joseph Earle. *Yesterdays in the Philippines*. New York: Charles Scribner's Sons, 1989.

Worcester, Dean C. *The Philippines: Past and Present*. Tomo I at II. New York: The MacMillan Company, 1914.

——— "The Philippine Islands." *The Mentor* 3.13 (16 Agosto 1915). 28 pahina.